

PANG-ARAW-ARAW NA GABAY SA PANANALANGIN *para sa Pananalangin gamit ang Banal na Kasulatan*

Ni Dr. Allan Brown



Pananalangin gamit ang Banal na Kasulatan

Ang mga panalangin sa ibaba ay naka-ayon sa ibinigay na pagkakasunod-sunod ni Hesus sa kanyang modelong panalangin. Ibinigay ang mga ito bilang halimbawa kung paano kunin ang Salita ng Dios at gawin itong personal na panalangin. Upang gawing mas personal ang Salita ng Dios, ginagamit ang mga panghalip sa unang panauhan na pang-isahan (“Ako, ko, sa akin”).

Sa palagay ko ay ligtas nating masasabi na walang panalangin na mas tumpak na sumasalamin sa kalooban ng Dios kaysa sa paggamit ng wikang ibinigay sa atin mismo ng Dios. Walang kahilingan na mas tiyak na ipagkakaloob kaysa sa kung ano ang ipinangako mismo ng Dios na kanyang tutuparin. Walang petisyon na mas tiyak na masasagot kaysa sa pagsusumamo para sa inutos na na ng Dios. “Ang mga salita ng PANGINOON ay dalisay na mga salita: gaya ng pilak na sinubok sa hurno ng lupa, na pinadalisay ng pitong ulit (Awit. 12:6). Pag-aralang gamitin ang kanyang mga salita sa iyong mga panalangin. Ipanalangin ang mga pangako at utos ng Banal na Kasulatan. Tinitiyak sa atin ng Dios na kapag nanalangin tayo ayon sa kanyang kalooban, diringgin Niya tayo at sasagutin Niya ang gayong mga panalangin (1 Juan 5:14,15).¹

Ang Paggamit ng Gabay sa Panalangin

Ang paggamit ba ng gabay sa panalangin ay isang bagong karanasan para sa iyo? Kung gayon, marahil ang ilang mga mungkahi ay kinakailangan. Ang gabay sa panalanging ito ay isinaayos sa pitong araw sa loob ng isang linggo. Ang bawat araw ay nahahati sa anim na pangunahing bahagi (Pagsamba at Pagpupuri, Pagdulog, Pagsusumamo, Pagtatapat, Espirituwal na Pakikibaka, at Pagpupuri na may Pagpapasalamat), na may siyam na subcategories (ang ating *kaugnayansa* Dios, sa kanyang *pagiging hari*, kanyang *reputasyon*, kanyang *paghahari*, kanyang *pamamahala*, kanyang *kaloob* para sa atin, ang ating pangangailangan parasa *pakikipagkasundo*, ang Dios ang ating *kanlungan*, at ang pangangailangan *namagalak*).

Paglalaan ng Oras sa Panginoon

Gaano karaming oras ang gusto mong ilaan sa Panginoon? Halimbawa, kung ikaw ay magninilay-nilay at manalangin ng isang minutopara sa bawat isa sa siyam na sub-categories, iyon ay magiging siyam na minuto. Dalawang minuto mula sa bawat katerya ay magiging labingwalong minuto. Ang tatlong minuto na ilalaan sa bawat katerya ay magiging dalawampu’t pitong minuto. Depende sa dami ng oras na mayroon ka, madaling maglaan ng isang presko, kapaki-pakinabang, at

¹ Terry L. Johnson. “Leading in Public Prayer,” *Westminster Theological Journal* 60:2 (Fall, 1998)

kasiya-siyang labinlima hanggang tatlumpung minuto o higit pa sa pag-aalaga ng iyong kaugnayan sa Dios araw-araw.

Kung gaano karaming oras ang inilalaan mo sa pananalangin ay depende sa iyo at sa Banal na Espiritu. Malinaw, kapag mas natututo kang masiyahan sa pananalangin ay mas maraming oras ang gusto mong ilaan sa Dios. Ang higit na nagpahanga sa akin sa paggamit ng gabay na ito sa pananalangin ay kung gaano ito naging makabuluhan, kasiya-siya at kung gaano naayon sa Banal na Kasulatan ang aking pananalangin. Umaasa ako na maranasan mo rin iyon. Tandaan, marami sa mga espirituwal na higante ng nakalipas na panahon, kasama sina Matthew Henry at John Wesley, ay gumamit nito araw-araw.

Huwag Magmadali sa pagbabasa ng Gabay sa Pananalangin

Ang gabay sa pananalangin na ito ay idinisenyo upang tulungan kang matutunan kung paano gamitin ang Banal na Kasulatan bilang gabay sa iyong pananalangin—para sa iyong oras ng pakikipag-usap sa Dios. Isipin kung ano ang tinuturo ng Banal na Kasulatan tungkol sa Dios, tungkol sa pagmamahal at pagpapatawad sa ating kapwa, at tungkol sa ating sarili. Pagnilayan ang mga pangako. Huwag hayaang maging mekanikal o nakaugalian lamang ang iyong oras ng pananalangin.

Ang mga panalanging ito ay hindi dapat “sabihin” o “ipanalangin” nang hindi lubusang nakatuon ang iyong isip at puso. Hilingin sa Dios na tulungan kang ituon ang iyong isipan sa bawat salita ng may taos-pusong katapatan at pagsisikap. Huwag mag-atubiling huminto kahit saan sa isang panalangin at idagdag ang iyong mga naiisip. Alamin kung paano mo lubusang mailalahad sa Dios ang iyong puso (Awit 62:8). Gawin itong personal. Hayaan na maging isang oras ito ng pagpapakumbaba at paglapit sa Dios (Santiago 4:6-8). Tandaan, ang mga tunay na sumasamba “ay sumasamba sa Ama sa espiritu at katotohanan; sapagka’t ganyan ang uri ng pagsambang ninanais ng Ama” (Juan 4:23). Hilingin na tulungan ka ng Dios na matutunan kung paano maging isang taong tunay na sumasamba sa kanya.

Bumuo ng Iyong Sariling Gabay sa Panalangin

Habang natututo ka kung paano gamitin ang Panalangin ng Panginoon bilang iyong gabay sa pananalangin, maari mong naisin na makabuo ng iyong sariling gabay sa pananalangin. Habang binabasa mo ang Biblia bawat taon, makakakita ka ng mga talatang nagsasalita sa iyong puso sa isang espesyal na paraan. Kunin ang mga talatang iyon at gawing panalangin at papuri sa Dios.

Linangin ang Iyong Relasyon sa Dios

Tingnan ang iyong oras ng pananalangin bilang isang paraan ng paglinang ng iyong kaugnayan sa Dios. Kung gagamitin mo ang Banal na Kasulatan upang hubugin

ang iyong mga panalangin, makikita mo na mababago nito ang paraan ng iyong karanasan sa Dios kapag nananalangin ka at sa paraan ng pag-iisip mo tungkol sa Kanya. Ilang tao lang ang nagkakaroon ng tuloy-tuloy, makabuluhang buhay panalangin nang walang istraktura. Hayaan ang Panalangin ng Panginoon ang magbigay ng istraktura.

Lunes

Pagsamba / Pagpupuri

"Ama Namin" – Ang Ating Kaugnayansa Dios

[Ang titulong "Ama" ay nagpapahiwatig ng hindi bababa sa dalawang ideya: (1) ang Tatlong Persona/Trinidad— Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Sa pananalangin ay pumapasok tayo sa buhay at pakikipag-ugnayan sa Tatlong Persona/ Trinidad; at(2) ang ating pagiging ampon bilang bahagi sa pamilya ng Dios.]

Sambahin ang Dios Ama

Aming Ama na nasa Langit:

Pumapasok ako sa iyong banal na presensya sa pangalan ni Hesus (Efeso2:18). Ako ay nagagalak na inaanyayahan mo akong magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa iyo at sa iyong Anakna si Hesus (1 Juan 1:4), at sa Banal na Espiritu (Filipos 2:1).

Inaanyayahan mo akong "lumapit nang may lubos na pagtitiwala sa trono ng biyaya, upang ako ay makatanggap ng awa, at makasumpong ng biyaya na tutulong sa oras ng pangangailangan" (Hebreo 4:16).

Nagpapasalamat ako sa iyo Panginoon sa laki ng iyong habag (Awit 103:13). "Pag-ibig mo PANGINOON ay hindi nagmamaliw, kahabagan mo'y walang kapantay. Ito ay laging sariwa bawat umaga: katapatan mo'y napakadakila" (Panaghoy 3:22-23).

Ang sabi ng Banal na Kasulatan, "Sino ang umakyat sa langit at bumaba? Sino ang nakapigil ng hangin sa kanyang palad? Sino ang nakapagbalot ng tubig sa isang damit? Sin ang naglagay ng mga hangganan sa daigdig? Ano ang kanyang pangalan o pangalan ng kanyang anak? Tiyak na alam mo ito!" (Kawikaan 30:4).

Pinupuri kita Ama, na alam kong si Hesus ang iyong Anak. At malugod kong sinusunod ang iyong utos na "dapat parangalan ng lahat ng tao ang Anak, gaya ng pagpaparangal nila sa Ama" (Juan 5:23).

Sambahin ang Dios Anak

Panginoong Hesus, salamat sa iyong pagsasa-isantabi ng kaluwalhatian na mayroon ka kasama ng Ama bago pa nilikha ang mundo (Juan 17:5), at sa pagiging Tagapagligtas ng mundo (1 Juan 4:14).

Salamat sa pagmamahal mo sa akin na kusang-loob mong ibinigay ang iyong sarili upang maging handog para sa pagbabayad-sala para sa aking mga kasalanan,

ngunit hindi lamang para sa aking mga kasalanan, kundi para sa mga kasalanan ng buong mundo (1 Juan 2:2).

Ikaw ay nasugatan dahil sa aking mga pagsalangsang. Ikaw ay nabugbog dahil sa aking mga kasamaan. Ikaw ay pinahirapan upang magkaroon ako ng kapayapaan sa Dios. Sa pamamagitan ng iyong mga latay ako ay espirituwal na gumaling (Isaias 53:5).

Pinupuri kita, Panginoong Hesus, na ikaw ay bumangon mula sa libingan bilang isang Katagumpayan mula sa kamatayan at impiyerno (Pahayag 1:18). Dahil sa aking pakikipag-isa sa iyo, ako rin ay patay na sa kasalanan at nabuhay na mag-uli upang lumakad sa panibagong buhay (Roma 6:4).

Sambahin ang Dios Espiritu Santo

Sinasamba kita, pinagpalang Espiritu Santo.

Puspusin mo akong muli at baguhin ng iyong banal na presensya (Efeso 5:18).

Inaaliw mo (Gawa 9:31), pinapalakas (Efeso 3:16) at ginagabayan (Roma 8:14) ang bawat taong nagnanais na kaluguran ng Dios. Tulungan mo akong malaman kung paano ako makikipagtulungan sa iyo.

Pagdating niya ay kanyang patutunayan sa mga taga-sanlibutan na mali ang pagkakilala nila tungkol sa kasalanan, tungkol sa pagiging matuwid ng Dios, at tungkol sa paghatol ng Dios (Juan 16:8).

Turuan mo akong magpasakop sa iyong pangunguna sa bawat bahagi ng aking buhay (Galacia 5:24).

Linisin mo ako sa lahat ng makakahadlang sa iyong pagkilos sa aking buhay. Huwag sana kitang mabigyan ng anumang kapighatian sa anumang paraan sa araw na ito (Efeso 4:30).

“Gaya ng sa Langit” –Ang Kaluwalhatian ng Dios

[Ang langit ay isang lugar. Dito matatagpuan ang trono ng Dios. Gayunpaman, hindi natin dapat isipin na ang presensya ng Dios ay limitado sa langit. Siya ay nasa lahat ng dako (“sa lahat ng lugar” - Awit 139:7-12). Gayunpaman, sinasabing *mas naroroon* ang Dios sa ilang lugar kaysa sa iba. Ang katotohanan na ang Dios ay “nasa langit” na nagpapahiwatig na Siya ay hindi limitado sa mga lugar sa lupa. Siya ay makapangyarihan at walang limitasyon ang kanyang kapangyarihan. Dagdag pa rito, “ang langit” ay nagsasalita ng pagiging perpekto at nagpapaalala sa akin na ang Dios ay nagpapakita kung ano ang perpekto pagka-Ama.]

Aming Ama sa Langit, pinupuri kita dahil "itinatag mo ang iyong trono sa kalangitan, at ang iyong kaharian ay naghahari sa lahat" (Awit 103:19).

Ikaw ang "Dios ng kalangitan, at dito sa lupa: walang nang iba pa" (Deuteronomio 4:39; Genesis 24:3).

"Ang pinakamataas na langit, ang daigdig at ang lahat ng narito ay sa PANGINOOON" (Deuteronomio 10:14). "ngunit ang kalangitan aay di sapat na maging tahanan ninyo" (1 Mga Hari 8:27).

"Tingnan nyo kami mula sa inyong banal na tahanan sa kalangitan at pagpalain ninyo ang bayang Israel, O PANGINOON" (Deuteronomio 26:15).

Ama, iyong sinabi, "Mapalad ang sumusunod sa iyong patakaran at buong pusong naghahanap sa iyong kalooban" (Awit 119:2).

"Hinahanap kita ng buong puso ko: Oh huwag mo akong hayaang malihis sa iyong mga utos. Ang iyong Salita ay aking itinago sa aking puso upang hindi ako magkasala laban sa iyo" (Awit 119:10-11).

Ikaw ang Dakilang Hari ng Kalangitan at ang Hari ng aking buhay.

"Sambahin ang Iyong Pangalan" – Ang Reputasyon ng Dios

[Ang mismong katangian ng Dios (lahat ng kanyang ginawa at ang lahat ng kanyang katangian bilang Dios) ay banal. Kapag inaangkin natin na tayo ay isang Kristiyano ay inaangkin rin natin ang isang relasyon sa Kanya sa pamamagitan ni Kristo Hesus. Dahil ang Dios ay banal, dapat tayong maging banal sa lahat ng ating pag-uugali at pagkilos (1 Pedro 1:15,16). Nakakaimpluwensya tayo sa iniisip ng iba tungkol sa Kanya. Nasa ating mga kamay ang kanyang reputasyon.]

Ama, ang iyong buong pagka-Dios, at lahat ng ginagawa mo ay banal. Walang katulad mo— "kamangha-mangha ang kabanalan, lubos na pinapapurihan, at gumagawa ng mga kababalaghan" (Exodo15:11).

Ikaw ang "pinaka dakila at nag iisang nasa kataas-taasan na naninirahan sa kawalang-hanggan. Ang iyong pangalan ay Banal. Ikaw ay nananahan sa mataas at banal na dako" (Isaias 57:15a).

Akong naninirahan sa mataas at banal na dako na kasama rin niya na may pagsisisi at mapagpakumbabang-loob, upang bumuhay ng loob ng nagpakumbaba, at upang bumuhay ng puso ng nagsisisi (Isaias 57:15b).

Tulongan mo akong magsisi at magpakumbaba upang ang iyong banal na presensya ay manahan sa akin at buhayin ang aking puso.

Ama, tulungan mo akong mamuhay ngayon sa paraang hindi makakabawas sa iyong kabanalan. Ang iyong reputasyon ay nasa aking mga kamay dahil inaangkin ko na ako ay isang Kristiyano. Nawa'y huwag akong magdulot ng karumihan sa iyong banal na pangalan sa pamamagitan ng anumang bagay na aking gagawin o sasabihin (Roma2:14).

Nawa'y makita ng mga tao ang iyong kabanalan — mga pag-uugali at pagkilos na katulad ni Kristo— na nagniningning sa aking buhay, sapagkat iyo ay iniutos mo sa akin, "Magpakabanal kayo sa lahat ng inyong ginagawa" (1 Pedro 1:15).

Pamamagitan

"Dumating Nawa ang Iyong Kaharian" – Paghahari ng Dios

[Ang plano ng Dios mula sa kawalang-hanggan/eternity ay ang magtatag ng matuwid at banal na kaharian dito sa lupa (Mateo 25:34). Ang pagtatatag ng kaharian ng Dios ay nangyayari sa dalawang yugto. Ang unang bahagi ay espirituwal. Naghahari ang Dios sa puso at buhay ng kanyang mga mamamayan (Colosas 1:13). Kapag nananalangin tayo ng "dumating nawa ang iyong kaharian," ipinapanalangin natin na maligtas nawa ang mga tao at maging mga mamamayan ng Kaharian ng Dios (Mateo 9:35). Ang ikalawang bahagi ng pagdating ng Kaharian ng Dios ay sa pisikal. Kapag dumating muli si Hesus sa ikalawang pagkakataon, Kanyang aalisin ang lahat ng pamahalaan sa lupa, at itatag ang kanyang sarili bilang Hari ng buong mundo (Daniel 2:44-45). Kapag nananalangin tayo na "dumating nawa ang iyong kaharian," sa ganitong diwa, buong pananabik nating inaasahan ang ikalawang pagparito ni Hesus (Pahayag 22:20).]

"Ang PANGINOON ay naghahari, magalak ang buong mundo" (Awit 97:1).

"Ang PANGINOON ay naghahari, kaya't ang mga tao ay nanginginig; trono'y sa ibabaw ng mga kerubim, kaya daigdig ay nayayanig!" (Awit 99:1).

Ama, sinasamba kita at pinupuri dahil ikaw ay Makapangyarihan sa lahat! Naghahari ka sa lahat ng bansa sa mundo. Para sa iyo "ang mga bansa ay tulad ng isang patak ng tubig sa timba, inaari na parang munting alabok sa timbangan" (Isaias 40:15).

Dumating nawa ang iyong kaharian! Nawa'y lumago ang iyong Kaharian habang parami nang parami ang nakakakilala sa iyo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.

Pagpalain, palakasin, at hikayatin ang lahat ng mga mangangaral na kumikilos para sa iyo sa iba't ibang ministeryo sa buong mundo.

Iyong sinabi, "Itaas mo ang iyong mga mata, at tumingin sa mga parang; sapagkat sila ay mapuputi na upang anihin" (Juan 4:35). Tulungan mo akong gawin ang

aking makakaya para pangunahan ang iba palapit sa iyo. Dalangin ko na mas maraming tao ang makarinig sa iyong pagtawag at maging mga manggagawa sa pag-aani (Mateo 9:38).

Ipinangako mo, "Tumawag ka sa akin, at sasagutin kita, at magpapakita sa iyo ng dakila at makapangyarihang mga bagay na hindi mo nalalaman" (Jeremias 33:3).

"Hindi mo ba kami bubuhaying muli: upang ang iyong bayan ay magalak sa iyo?" (Awit 85:6)

[Ipanalangin ang mga taong hindi pa naliligtas.]

Ama, ilapit mo sila kay Hesus (Juan 6:44). Bigyan mo sila ng pusong nagsisisi. Bigyan mo sila ng kagutuman at kauhawan sa iyo.

O Dios, hangga't masaya sila sa kasalanan, hindi nila mararamdaman ang kanilang pangangailangan para sa iyo. Kaya't, gawin mong abo at alabok sa kanilang bibig ang kasiyahan ng kasalanan. Ipasakop mo sila sa iyong kalooban at sa iyong paraan (Hosea 2:8,9).

Dalhin mo nawa ang mga tamang tao sa kanilang buhay na tutulong sa kanila na malaman kung paano sila maliligtas.

Bigkisin ang mga kapangyarihan ng kadiliman na umaalipin sa kanila at buksan ang kanilang mga mata sa kanilang pangangailangan sa iyo.

Nawa'y malapit na ang araw ng kanilang kaligtasan.

"Magyari nawa ang Iyong Kalooban sa lupa gaya ng sa langit" –Paghahari ng Dios

[Ang petisyon na ito ay nagtuturo sa atin na mas mag-alala tungkol sa kalooban ng Dios na matupad sa ating buhay kaysa sa ating mga plano at mga naising matupad. Kung ang ating mga hangarin ay hindi naaayon sa kanyang kalooban, dapat nating hilingin sa Dios na baguhin niya ang ating mga hangarin. Ang kanyang kalooban ay dapat nating gawin gaya ng ginagawa ng mga anghel sa langit— nang may pananabik at kagalakan. Dapat tayong magpasakop sa awtoridad ng kanyang Salita.]

Ama, tulungan mo akong "maayon" sa iyong kalooban. Ipinapahayag mo ang iyong kalooban sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan.

Tulungan mo ako na magpasakop sa iyong kalooban. Kung mayroong anumang bagay sa aking buhay na hindi nakalulugod sa iyo, mangyaring ipakita mo ito sa akin at bigyan ako ng kakayahang gawin ang mga bagay na nais mong baguhin.

Ang iyong kalooban ang aking nilalakaran ng may integridad at gawin kung ano ang tama. Hiniling mo sa akin na sabihin ang katotohanan mula sa aking puso (Awit 15:2).

Hindi ako dapat magsalita ng mga bagay tungkol sa iba na makakasira sa kanilang pagkatao o impluwensya, at hindi rin ako dapat magsalita ng masama saaking mga kaibigan. At hindi gumagawa ng hindi maganda sa kanyang kapwa (Awit 15:3).

O PANGINOON, bibig ko ay iyong bantayan, tulungan mo akong huwag makapagsalita ng masama at upang mapapurihan Ka sa lahat ng aking sasabihin (Awit 141:3).

Ayokong gumawa ng anumang bagay na labag sa iyong kalooban. Nawa'y tunay na matupad ang iyong kalooban sa aking buhay.

Pagsusumamo

"Bigyan mo Kami ng Makakain sa Araw-araw" – Ating mga Pangangailangan/Resources

[Ang Dios ay may di nauubos na mapagkukunan. Naroroon sila upang magamit natin. Hilingin sa Kanya na tugunan ang iyong pisikal, pinansyal, emosyonal, at mental na mga pangangailangan]

Aming Ama, iyong sinabi na kung hahanapin ko muna ang iyong kaharian at iyong katuwiran— kung uunahin kita sa aking buhay— ay ibibigay mo ang lahat ng aking materyal na pangangailangan (Mateo 6:33).

Iyong sinabi, "Huwag kang mag-alala tungkol sa kinabukasan; sapagka't ang bukas ay may sarili nang alalahanin (Mateo 6:34).

Pinagbawalan mo akong magmaktol, bumulong-bulong, o magreklamo tungkol sa anumang bagay (1 Corinto 10:10)

Patawarin mo sana ako sa pagbulong-bulong o pagrereklamo tungkol sa aking kalalagayan. Naging mas mabuti ka sa akin kahit hindi ako karapat-dapat para ito'y aking tanggapin.

Kung dumaranas ako ng mga kakulangan sa pananalapi, tulungan mo akong alalahanin na si Hesus ay walang lugar na mapagpapahingahan ng kanyang ulo (Mateo 8:20), ngunit siya ay mayaman sa kanyang kaugnayan sa iyo.

Ipagkaloob mo nawa na habang ako ay nagdarasal at nagbabasa ng iyong Salita ay sasagana rin ako sa aking relasyon sa iyo.

Patawarin mo ako sa aking pag-aalala.

Iyong sinabi, "Huwag kang mag-alala tungkol sa anumang bagay, ngunit sa pamamagitan ng pananalangin, pagsusumamo at pasasalamat, upang idulog sa iyo ang lahat ng aking mga alalahanin, at kakamtin ko ang kapayapaan ng Dios, na higit sa lahat ng pang-unawa, na siyang magbabantay sa aking puso at aking pag-iisip kay Kristo Hesus" (Filipos 4:6-7).

Ipinangako mo, "Ipagkaloob ng Dios ang lahat ng iyong pangangailangan ayon sa kaniyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Kristo Hesus" (Filipos 4:19).

Nagpapasalamat ako sa lahat ng biyayang ibinigay mo sa akin sa mga nakalipas na panahon.

Dinadala ko sa iyo ang aking mga pangangailangan sa kasalukuyan... (banggitin ang mga iyon).

Tulungan mo akong maalala at magpasalamat sa lahat ng nagawa mo na!

Ipinapanalangin ko... (ang mga taong nangangailangan sa buong mundo).

Ipinapanalangin ko ang mga may posisyon sa lokal, estado, at pambansang pamahalaan. Ipinapanalangin ko na patnubayan mo sila sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng iyong Salita. Ipagkaloob mo ito ng parangalan ka nila at maghari ang iyong katuwiran. Mangyaring biguin ang mga layunin ng kasamaan at nawa'y matupad ang iyong kalooban. Ipagkaloob mo na "makapamuhay kami ng tahimik at mapayapa na may kabanalan at katapatan" (1 Timoteo 2:2).

Ipinapanalangin ko, tulad ni Jabez noong unang panahon, "O, nawa'y pagpalain mo ako at palawakin ang aking nasasakupan. Samahan n'yo ako at ilayo sa kapahamakan para hindi ako masaktan (1 Cronica4:10)."

Pagtatapat / Pakikipagkasundo

"At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, gaya ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin" - Pakikipagkasundo

[Ang pagtatapat ay isang pagkilos ng pagpapakumbaba. Ito ay isang pagkilala sa pangangailangan ng biyaya at tulong ng Dios. Sa wastong pag-aalok, ito ay nagpapahayag ng pagnanais para sa espirituwal na pagpapabuti. Ang pagtatapat ay ang pagtanggap sa pananaw at saloobin ng Dios sa kung ano ang mali o kailangang baguhin sa iyong buhay. Ang pagtatapat ay ang pag-amin sa personal na pananagutan para sa iyong mga pagpili at saloobin anuman ang pakikitungo sa iyo ng ibang tao.]

"Siyasatin mo ako, O Dios, at alamin ang nasa aking puso: subukin mo ako, at alamin mo ang aking mga pag-iisip: tingnan mo kung may masamang pag-uugali,

at patnubayan mo ako sa daang dapat kong tahakin magpakailanman” (Awit 139:23-24).

Ikaw ay “mabuti, at handang magpatawad; at sagana sa awa sa lahat ng tumatawag sa iyo” (Awit 86:5).

Kinikilala ko Panginoon na kung hindi ko pinatawad ang iba sa kanilang mga kasalanan laban sa akin, hindi ko sila sinasaktan, ngunit ihinihiwalay ko ang aking sarili sa iyong pagpapatawad (Marcos 11:26).

Nagpapasalamat ako sa iyong awa at pagpapatawad.

Kapag ako ay tunay na nagsisi at tumalikod sa aking kasalanan, inaalís mo sila sa akin “kung gaano kalayo ang silangan sa kanluran” (Awit 103:12). Itinapon mo sila sa iyong likuran (Isaias 38:17), upang hindi na sila aalalahanin pa (Jeremias 31:34). Iyong pinawi ang mga ito para sa iyong sariling kapakanan (Isaias 43:25), at inihagis silang lahat sa kailaliman ng dagat (Micas 7:19).

Espirituwal na Pakikidigma

“At huwag mo kaming hayaang mahulog sa tukso, at iligtas mo kami sa masama” – ating Proteksyon

Aming Banal na Ama, ingatan mo ako sa iyong pangalan, sapagkat ibinigay mo ako kay Hesus (Juan 17:11). Kung paanong si Hesus ay nasa mundo ngunit hindi sa pagiging maka-sanlibutan, tulungan mo akong hindi matulad sa sanlibutang ito (Roma 12:2). Pakiusap ko’y bantayan mo ang aking mga hangarin at kagustuhan.

Iyong sinabi, “Ang Panginoon ay tapat, at palalakasin at ipagtatanggol ka niya mula sa masama” (2 Tesalonica 3:3).

Ipagkaloob na ngayon, Ama, upang ako ay lumagong espirituwal sa kaugnayan sa iyo.

Iyong sinabi, “Magpakatatag kayo sa Panginoon sa pamamagitan ng dakila niyang kapangyarihan. Gamitin ninyo ang lahat ng kagamitang pandigma na ibinigay sa inyo ng Dios para malabanan ninyo ang mga lalang ng diyablo. Sapagkat ang kalaban natin ay hindi mga tao kundi masasamang espiritu sa himpapawid –mga pinuno, may kapangyarihan at mga tagapamahala ng kadilimang namamayani sa mundong ito” (Efeso 6:10-12).

Tulungan mo ako Ama, na “isuot ang lahat ng kagamitang pandigma na ibinigay ng Dios, para sa oras na dumating ang kasamaan ay magawa naming makipaglaban, at pagkatapos ng pakikipaglaban ay manatili pa rin akong matatag” (Efeso 6:13).

Iyong sinabi, “Kaya maging handa kayo. Gawin ninyong sinturon ang katotohanan” (Efeso 6:14a). Tulungan mo akong maging lubusang tapat sa lahat ng aking relasyon.

Iyong sinabi, “Isuot ninyo ang pagkamatuwid bilang pananggalang sa dibdib ninyo” (Efeso 6:14b). Tulungan mo akong maging matapat at banal sa lahat ng aking ginagawa.

Iyong sinabi na dapat kong isuot bilang sapatos ang pagiging handa sa pangangaral ng Magandang Balita na nagbibigay ng kapayapaan (Efeso 6:15). Tulungan mo akong tumayo sa katotohanan at makita ang mga pagkakataon upang ibahagi sa iba ang Ebanghelyo ni Hesus.

Iyong sinabi, “Gamitin ninyo bilang panangga ang pananampalataya para hindi kayo tablan ng mga panunukso ni Satanas na parang mga palasong naglilibay” (Efeso 6:16). Kapag ako ay tinutukso, pahintulutan nyo nawang di ako mabigo ng aking pananampalataya.

Dapat kong isuot bilang helmet ang tinanggap ninyong kaligtasan (Efeso 6:17). Nawa ay mabihag ang lahat ng isipan upang matutong sumunod kay Kristo Hesus (2 Corinto 10:5).

Dapat kong matutunan na gamitin bilang espada ang Salita ng Dios (Efeso 6:17). Tulungan mo akong itago sa aking puso ang inyong Salita upang hindi ako magkasala laban sa iyo (Awit 119:11).

“Ang aking mga hakbang ay nanatili sa iyong mga landas, ang aking mga paa ay hindi nadudulas” (Awit 17:5).

Papuri at Pasasalamat

“Sapagkat Sayo ang Kaharian, at ang Kapangyarihan, at ang Kaluwalhatian magpakailanman”–Magtapos sa Papuri.

[Ituon ang isipan sa katayuan ng Dios, kanyang kapangyarihan, kanyang kadakilaan at kaluwalhatian. Pasiglahin ang iyong puso ng papuri.]

Sa iyo, O PANGINOON, ang kadakilaan, ang makapangyarihan, at ang kaluwalhatian, at ang katagumpayan, at ang kaluwalhatian: sapagka’t ang lahat ng nasa langit at nasa lupa ay sa iyo; sa iyo ang kaharian, O PANGINOON, at kayo ang dakila sa lahat (1 Cronica 29:11).

Inaalay ko sa iyo “ang handog ng katapatan, at ibinibigay ko ang aking tiwala sa iyo PANGINOON” (Awit 4:5).

Iyong sinabi, “Ngunit ang humihingi ng tulong sa iyo ay masisiyahan, at lagi silang aawit nang may kagalakan. Ingatan mo ang mga sa iyo’y nagmamahal, upang

magpatuloy silang ika'y papurihan. Pinagpapala mo, O PANGINOON, ang mga taong matuwid, at gaya ng kalasag, protektado sila ng iyong pag-ibig" (Awit 5:11-12).

Tulongan mo ako, Ama, na sundin ang mga utos na ito ngayon.

Iyong sinabi, "huwag kang matakot, sapagkat tutulungan kita. Ako ang iyong tagapagligtas, ang banal na Dios ng Israel" (Isaias 41:14).

"Sa piling mo'y madarama ang lubos na kagalakan. Sa kanang kamay mo'y nagdudulot ng ligayang walang hanggan" (Awit 16:11).

"Ang iyong paraan ay walang kamalian. Ang inyong salita ay maaasahan. Kayo'y katulad ng isang kalasag sa mga naghahanap ng kaligtasan sa inyo" (Awit 18:30).

"Mayroon bang napakahirap para sa PANGINOON? "(Genesis 18:14). "Sapagkat walang anumang bagay na hindi kayang gawin ng Dios" (Lukas 1:37).

Sinabi ni Hesus, "Ang mga bagay na imposible sa mga tao ay posible sa Dios" (Lukas 18:27).

PANGINOONG DIOS! Nilikha mo ang langit at ang lupa sa pamamagitan ng iyong kapangyarihan, walang bagay na mahirap para sa iyo (Jeremias 32:17).

"May lakas-loob tayong lumapit sa kanya dahil alam nating ibibigay niya ang anumang hingin natin kung ito'y naaayon sa kanyang kalooban. At dahil alam nating pinapakinggan nga niya tayo, alam din nating ibinibigay niya ang bawat hinihiling natin sa kanya" (1 Juan 5:14,15).

Sa Pangalan ni Hesus, ito ay aking dalangin, Amen

Martes

Pagsamba/ Papuri

"Ama Namin" - AtingKaugnayansa Dios

[Ang titulong "Ama" ay nagpapahiwatig ng hindi bababa sa dalawang ideya: (1) ang Tatlong Persona/Trinity—Ama, Anak, at Espiritu Santo. Sa pananalangin ay pumapasok tayo sa buhay at pakikipag-ugnayan sa Tatlong Persona/Trinity; at (2) ang ating pagiging bagong miyembro sa pamilya ng Dios.]

Sambahin ang Dios Ama

Aming Ama na nasa Langit:

Sinasamba kita dahil ikaw ay: "Ang PANGINOON, ang PANGINOONG Dios, na puspos ng kahabagan, mapagpala, hindi magagalitin, at sagana sa wagas na pag-ibig at katapatan" (Exodo 34:6).

Ikaw ang Lumikha ng langit at lupa (Genesis 1:1). Ipinapahayag ng langit ang Iyong kaluwalhatian; at ang mga gawa ng kanyang kamay ay inihahayag ng kalawakan (Awit 19:1).

Nasa inyo ang lahat ng karunungan (Daniel2:20; Roma11:33). Hindi ka kailanman nagkakamali (Awit 33:11). Ang iyong pang-unawa ay walang hanggan (Awit 147:5).

Ikaw ay mapagmahal (1 Juan 4:8). Hindi ka kailanman naging malupit o marahas (Awit 119:68). Hinahangad mo ang pinakamabuti para sa aking buhay.

Ang iyong kapangyarihan ay walang hanggan (Jeremias 32:17). Walang imposible para sa iyo (Mateo 19:26; Lucas 1:37).

Nais kitang mahal in nang buong puso, isip, kaluluwa, at lakas (Marcos 12:30). Palakihin mo ang aking kakayahang mahal in ka, ito ang aking dalangin.

Balang araw ay tatayo ako sa iyong harapan upang hatulan sa lahat ng aking sinabi at ginawa (Mateo 12:46; 16:27; 2 Corinto 5:10).

Bigyan mo ako ng kapangyarihan na lumakad nang mapagpakumbaba sa iyong harapan ngayon at ipakita ang maka-Dios na takot na iyong ninanais (1 Pedro 1:17).

Iyong sinabi sa akin na dahil naging bahagi ako ng isang kaharian na hindi matitinag, dapat kong ipahayag ang aking pasasalamat sa pamamagitan ng paglilingkod sa Iyo nang may paggalang at maka-Dios na takot (Hebreo 12:28).

Iyong sinabi, "Maglingkod kayo sa PANGINOON nang may takot, at magalak na may panginginig" (Awit 2:11). Tulungan mo nawa akong gawin ito.

Sambahin ang Dios Anak

Nagpapasalamat ako sa iyo, Panginoong Hesus, na ikaw ay "isang maawain at tapat na Pinakapunong pari sa mga bagay na nauukol sa Dios, at upang gumawa ng handog na pantubos sa mga kasalanan ng mga tao" (Hebreo 2:17).

Dahil ikaw mismo ay nakaranas ng paghihirap nang ikaw ay tinukso, alam kong tutulungan mo ako kapag ako ay tinutukso (Hebreo 2:18).

Bilang aking makalangit na Pinakapunong Pari, tulungan mo akong manatiling nakatuon ang isipan sa iyo at makuha mula sa iyo ang lakas na kailangan ko para sa araw na ito (Hebreo 12:2).

Sinabi ng sumulat ng Awit, "Sapagkat nalalaman niya ang ating kalagayan, naaalala niya na tayo'y *alabok*" (Awit 103:14).

Kilalang-kilala moako at alam mo aking mga kahinaan. Hinarap mo ang parehong uri ng mga problema at tuksong kakaharapin ko ngayon. Iyong sinabi sa akin na ikaw ay kasama ko upang tulungan ako na hindi magawa ang mga sinasadyang kasalanan (Hebreo 4:14-15).

Nagpapasalamat ako sa pagmamahal mo sa akin. Ako ay lubos na nagagalak na malaman na ikaw ay "kayang iligtas nang lubos ang sinumang lumalapit sa Dios sa pamamagitan Niya, dahil nabubuhay siya magpakailanman upang mamagitan para sa kanila " (Hebreo 7:24-25; Roma 8:34).

Ipagkaloob mo nawa na ang mga taong makakasalamuha ko ngayon ay maaaring malaman na mahal kita, PANGINOONG Hesus, sa pamamagitan ng aking pagsunod sa iyong mga kautusan (Juan 14:31).

Iyong sinabi, "Kung iniibig ninyo ako, tutuparin niyo ang aking mga utos" (Juan 14:15).

Sambahin ang Dios Espiritu Santo

Mapagpalang Espiritu Santo, salamat sa iyong pananahan sa akin (Roma8:11).

Ipinapanalangin ko na palakasin mo nawa ang aking espirituwal na pamumuhay para manahan si Kristo sa aking puso dahil sa pananampalataya (Efeso 3:16-17).

Ibinibigay ko sa iyo ang buong kontrol sa aking mga iniisip, mga saloobin, at aking mga aksyon. Pahintulutan mo akong makalakad sa Espiritu sa buong araw na ito (Galacia 5:16).

Salamat sa pag-ugat at pagpapatibay sa akin sa pag-ibig ni Kristo. Ipagkaloob mo nawa na maranasan ko kung ano ang kahulugan na malaman ang taas at lalim at haba at lawak ng pag-ibig ni Kristo, at mapuspos ng buong kapuspusan ng Dios (Efeso 3:17,19).

“Gaya ng sa Langit”–Ang Kaluwalhatian ng Dios

[Ang langit ay isang lugar. Dito matatagpuan ang trono ng Dios. Gayunpaman, hindi natin dapat isipan na ang presensya ng Dios ay limitado sa langit. Siya ay nasa lahat ng dako (“sa lahat ng lugar” - Awit 139:7-12). Gayunpaman, sinasabing *mas naroroon* ang Dios sa ilang lugar kaysa sa iba. Ang katotohanan na ang Dios ay “nasa langit” na nagpapahiwatig na Siya ay hindi limitado sa mga lugar sa lupa. Siya ay makapangyarihan at walang limitasyon ang kanyang kapangyarihan. Dagdag pa rito, “ang langit” ay nagsasalita ng pagiging perpekto at nagpapaalala sa akin na ang Dios ay ang halimbawa ng isang perpektong pagka-Ama.]

Aming Ama na nasa Langit, nakikiisa ako sa Salmista at ipinapahayag, “Ikaw ay aking Dios, pupurihin kita. Ikaw ay aking Dios, pagkadakila mo ay ihahayag” (Awit 118:28).

“Sapagkat ikaw, O PANGINON, ay kataas-taasan sa buong lupa. Ikaw ay higit na mataas kaysa lahat ng mga diyos” (Awit 97:9).

Ikaw ay nakaupo sa inyong trono sa langit (Awit123:1). Isang bahaghari, na kakulay ng batong esmeralda, ang nakapaikot sa iyong trono (Pahayag 4:3). Ang bahagharing ay nagpapaalala sa akin na palagi kang tapat na tutuparin ang iyong mga pangako.

Mula sa trono’y kumikidlat, kumukulog at may umuugong. Sa harap ng trono’y may pitong nakasinding ilawan. Ito ang pitong Espiritu ng Dios (Pahayag 4:5).

Ikaw ang Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari (Pahayag 17:14).

Nangangako ako ng katapatan sa iyo at layunin, sa pamamagitan ng iyong biyaya, na maging tapat at ganap na masunurin sa iyo. Ikaw ay ang aking Hari.

“Sambahin ang Iyong Pangalan” –Reputasyon ng Dios

[Ang mismong katangian ng Dios (lahat ng kanyang ginawa at ang lahat ng kanyang katangian bilang Dios) ay banal. Kapag inaangkin natin na tayo ay isang Kristiyano ay inaangkin rin natin ang isang relasyon sa Kanya sa pamamagitan ni Kristo Hesus. Dahil ang Dios ay banal, dapat tayong maging banal sa lahat ng ating pag-uugali at pagkilos (1 Pedro 1:15,16). Nakakaimpluwensya tayo sa iniisip ng iba tungkol sa Kanya. Nasa ating mga kamay ang kanyang reputasyon.]

Ama, sabi mo, “Ang pagkatakot sa PANGINOON ang pasimula ng karunungan. Ang pagkilala sa Banal ng Dios ay nagpapahiwatig ng pagkaunawa” (Kawikaan 9:10).

Ikaw ay banal sa lahat ng iyong pamamaraan, at matapat sa lahat ng inyong ginagawa (Awit 145:17)

Ang puso ko ay nagagalak sa iyo, sapagka’t ako’y nagtitiwala sa iyong banal na pangalan (Awit 33:21).

Nawa’y makita ng mga tao ang iyong kabanalan— mga pag-uugali at pagkilos na katulad ng kay Kristo— na nagniningning sa aking buhay, dahil iniutos mo sa akin, “Magpakabanal kayo sa lahat ng inyong pag-uugali at pagkilos” (1 Pedro 1:15).

Ama, tulungan mo akong mamuhay ngayon sa paraang hindi makakadungis sa inyong kabanalan. Ang iyong reputasyon ay nasa aking mga kamay dahil inaangkin ko na ako ay isang Kristiyano. Ingatan mo ako mula sa pagdadala ng kapintasan sa iyong banal na pangalan sa anumang paraang aking ginagawa o sasabihin (Roma2:14). Patnubayan mo ako sa mga landas ng mabubuting gawa na makakapagbigay ng papuri sa inyong pangalan (1 Pedro 2:12).

Pamamagitan

“Dumating Nawa ang Iyong Kaharian” –Paghahari ng Dios

[Ang plano ng Dios mula sa kawalanghanggan/eternity ay ang magtatag ng matuwid at banal ng kaharian dito sa lupa (Mateo 25:34). Ang pagtatatag ng kaharian ng Dios ay nangyayari sa dalawang yugto. Ang unang bahagi ay espirituwal. Naghahari ang Dios sa puso at buhay ng kanyang mga mamamayan (Colosas 1:13). Kapag nananalangin tayo ng “dumating nawa ang iyong kaharian,” ipinapanalangin natin na maligtas nawa ang mga tao at maging mga mamamayan ng kaharian ng Dios (Mateo 9:35). Ang ikalawang bahagi ng pagdating ng Kaharian ng Dios ay sa pisikal. Kapag dumating muli si Hesus sa ikalawang pagkakataon, Kanyang aalisin ang lahat ng pamahalaan sa lupa, at itatatag ang kanyang sarili bilang Hari ng buong mundo (Daniel 2:44-45). Kapag nananalangin tayo na “dumating nawa ang iyong kaharian,” sa ganitong diwa, buong pananabik nating inaasahan ang ikalawang pagparito ni Hesus (Pahayag 22:20).]

Aming Ama na nasa Langit, ikaw ay makapitong Hari. (1) Ikaw ang Hari ng mga Hudyo—ang Hari ng lahatng lahi (Mateo 2:2); (2) Ikaw ang Hari ng Israel— ang Hari ng bansa (Juan 1:49); (3) Ikaw ang Hari ng mga matuwid — isang espirituwal na Hari (Jeremias 23:5); (4) Ikaw ang Hari sa lahat ng panahon— isang Walang hanggang Hari (1 Timoteo 1:17); (5) Ikaw ang Hari ng kalangitan—ang Hari ng langit (Daniel 4:37); (6) Ikaw ang Hari ng kaluwalhatian— isang maluwalhating Hari (Awit 24:10); (7) Ikaw ang Hari ng mga hari at ang Panginoon ng panginoon— ang pinakamataas na Hari (Pahayag 17:14).

Ang Iyong lakas at katapatan ay walang hanggan, at walang kinikilingan ang iyong kahabagan. Ikaw ang pintuan ng kaligtasan, ang landas ng kapayapaan, ang daan ng katuwiran, ang daan tungo sa kabanalan, at ang pintuan sa kaluwalhatian.²

Ang iyong kaharian ay isang espirituwal na kaharian sa puso ng mga lalaki at babae na ipinanganak nang mag-uli. Nawa'y lumago ang iyong kaharian habang parami ng parami ang nakakakilala sa iyo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.

Pagpalain, palakasin, at patatagin mo nawa ang lahat ng mga misyonero sa buong mundo na kumikilos para sa iyo.

Iyong sinabi, "Itaas mo ang iyong mga mata, at tingnan mo ang mga kabukiran; sapagkat sila ay mapuputi na at handa nang anihin" (Juan 4:35). Paninoon ng Pag-aani, magbangon ka at magpadala ng mga manggagawa sa anihan. Tulungan mo akong maging handa sa mga pagkakataong ibahagi ang mabuting balita tungkol kay Hesus sa mga taong nakakasalamuha ko.

Iyong sinabi, "Tumawag ka sa akin, at sasagutin kita, at ipapakita ko sa iyo ang mga kahanga-hanga at mahihiwagang bagay na hindi mo pa alam" (Jeremias 33:3).

"Hindi mo ba kami bubuhaying muli: upang ang iyong bayan ay magalak sa iyo?" (Awit 85:6)

[Ipanalangin ang mga taong hindi pa naliligtas.]

Ipinapanalangin ko... (pangalan ng mga taong hindi pa naliligtas)... ililigtas pa lamang.

Ama, ilapit mo sila kay Hesus (Juan 6:44). Bigyan mo sila ng pusong nagsisisi. Bigyan mo sila ng kagutuman at kauhawan sa inyo.

O Dios, hangga't masaya sila sa kasalanan, hindi nila mararamdaman ang kanilang pangangailangan para sa iyo. Kaya't, gawin mong abo at alabok sa kanilang bibig ang kasiyahan sa kasalanan. Ipasakop mo sila sa iyong kalooban at sa iyong pamamaraan (Hoseas 2:6).

Dalhin mo nawa ang mga tamang tao sa kanilang buhay na tutulong sa kanila na malaman kung paano sila maliligtas.

Bigkisin ang mga kapangyarihan ng kadiliman na umaalipin sa kanila (Mateo 12:28-29) at buksan ang kanilang mga mata sa kanilang pangangailangan sa iyo (Gawa 26:18).

Nawa'y malapit na ang araw ng kanilang kaligtasan.

Hango mula sa isang panalangin ni S. M. Lockridge

“Mangyari nawa ang Iyong Kalooban sa lupa gaya ng sa langit” – Paghahari ng Dios

[Ang petisyon na ito ay nagtuturo sa atin na mas mag-alala tungkol sa kalooban ng Dios na matupad sa ating buhay kaysa sa ating mga plano at mga naising matupad. Kung ang ating mga hangarin ay hindi naaayon sa kanyang kalooban, dapat nating hilingin sa Dios na baguhin niya ang ating mga hangarin. Ang kanyang kalooban at dapat nating gawin gaya ng ginagawa ng mga anghel sa kalangitan— nang may pananabik at kagalakan. Dapat tayong magpasakop sa awtoridad ng kanyang Salita].

Aming Ama na nasa langit, tulungan mo akong magkaroon ng higit na pagnanais na mangyari ang iyong kalooban kaysa sa pagnanais kong matupad ang aking kalooban, ang aking mga plano at ang aking mga hangarin.

Ikaw ang Magpapalayok, ako ang putik. Ako ang nalikha ng iyong mga kamay (Isaias 64:8). Tulungan mo akong maging mabuting putik at tulungan mo akong manatili sa iyong pagkilos habang hinuhubog mo ako at binabago.

Ang ilang paghuhubog ay masakit, at ang ilang mga pagbabago na nais mong gawin sa aking buhay ay maaaring sobrang sakit. Gayunpaman, ninanais ko nang buong puso na maging sisidlan ng karangalan, pagpapabanal, at maging angkop para sa paggamit ng Panginoon (2 Timoteo 2:20-22).

Tulungan mo akong magtiwala sa iyo at hindi umatras o tumakbo mula sa iyong mapagmahal na mga kamay (Hebreo 10:38-39).

[**Tandaan:** Isa sa mga dahilan kung bakit itinuro sa atin ni Hesus na manalangin ng ganito—ang paglalaan ng 1/3 ng ating oras ng pananalangin sa kaniyang pagiging Ama, sa kanyang posisyon sa langit, sa kaniyang banal na pangalan, kanyang kaharian, at kanyang kalooban— ay upang alisin sa atin ang pagkamakasarily sa ating mga problema at pangangailangan.]

Pagsusumamo

“Bigyan mo Kami ng Makakain sa Araw-araw” – Ating mga Pangangailangan/Resources

[Ang Dios ay may di nauubos na mapagkukunan. Naroroon sila upang magamit natin. Hilingin sa Kanya na tugunan ang iyong pisikal, pinansyal, emosyonal, at mental na mga pangangailangan.]

Aming Ama, Iyong sinabi na kung hahanapin ko muna ang iyong kaharian at iyong katuwiran- kung uunahin kita sa aking buhay- ay ibibigay mo ang lahat ng aking materyal na pangangailangan (Mateo 6:33).

Iyong sinabi, "Huwag kang mag-alala tungkol sa kinabukasan; sapagka't ang bukas ay may sarili nang alalahanin (Mateo 6:34).

Pinagbawalan mo akong magmaktol, bumulong-bulong, o magreklamo tungkol sa anumang bagay (1 Corinto 10:10).

Patawarin mo sana ako sa pagbulong-bulong o pagrereklamo tungkol sa aking kalagayan.

Kung hindi patas ang pakikitungo sa akin ng mga tao, tulungan mo akong makita ang higit pa sa kanila at malaman na hinayaan mo itong dumating sa aking buhay upang higit akong maging katulad ni Kristo (Roma8:28,29).

Patawarin mo ako sa pag-aalala tungkol sa materyal at pisikal na mga problema. Iyong sinabi, "Huwag kang mag-alala tungkol sa anumang bagay, kundi sa pamamagitan ng pananalangin, pagsusumamo at pasasalamat, upang idulog sa iyo ang lahat ng aking mga alalahanin."At sa aking pananalangin ay ipinangako mo na, "ang kapayapaan ng Dios, na higit sa lahat ng pang-unawa, ang siyang magbabantay sa aking puso at aking pag-iisip kay Kristo Hesus" (Filipos 4:6-7).

Ipinangako mo "Ipagkakaloob ng Dios ang lahat ng iyong pangangailangan ayon sa kaniyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Kristo Hesus" (Filipos 4:19).

Maraming salamat Ama! Tulungan mo akong magtiwala at umasa sa iyong mga pangako.

Ipinapanalangin ko... (anumang bagay na iyong kailangan na naaayon sa kalooban ng Dios para sa iyo).

Tulungan mo akong maaala at magpasalamat sa lahat ng nagawa mo na!

Ipinapanalangin ko... (ang mga taong nangangailangan sa buong mundo).

Ipinapanalangin ko ang mga may posisyon sa lokal, estado, at pambansang pamahalaan. Ipinapanalangin ko na patnubayan mo sila sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng iyong Salita. Ipagkaloob mo ito ng parangalan ka nila at maghari ang katuwiran. Mangyaring biguin ang mga layunin ng kasamaan at nawa'y matupad ang iyong kalooban. Ipagkaloob mo na "makapamuhay kami ng tahimik at mapayapa na may kabanalan at katapatan" (1 Timoteo 2:2).

Pagtatapat / Pakikipagkasundo

"At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, gaya ng pagpapatawad naming sa nagkakasala sa amin" - Pakikipagkasundo

[Ang pagtatapat ay isang pagkilos ng pagpapakumbaba. Ito ay isang pagkilala sa pangangailangan ng biyaya at tulong ng Dios. Sa wastong pag-aalok, ito ay

nagpapahayag ng pagnanais para sa espirituwal na pagpapabuti. Ang pagtatapat ay pagtanggap sa pananaw at saloobin ng Dios sa kung ano ang mali o kailangang baguhin sa iyong buhay. Ang pagtatapat ay ang pag-amin sa personal na pananagutan para sa iyong mga pagpili at saloobin anuman ang pakikitungo sa iyo ng ibang tao.]

Siyasatin mo ako, O Dios, dahil Iyong sinabi, "Maging mabait kayo sa isa't isa, magiliw ang puso, na nagpapatawaran sa isa't isa, gaya ng pagpapatawad sa inyo ng Dios alang-alang kay Kristo" (Efeso 4:32).

Salamat, Ama, na inilapit mo ako kay Hesus!(Juan 6:44). Salamat sa pagliligtas at pag-ampon sa akin sa inyong pamilya. Salamat sa paglikha sa akin ng isang dalisay na puso (Awit 51:10).

Nagpapasalamat ako sa iyo na "pinatawad mo ang kasamaan, paglabag at kasalanan" (Exodo 34:7).

Mayroon bang sinuman na kailangan kong hingan ng kapatawaran sa aking pagkabigo na maging mabait o magiliw, o mapagpatawad, tulad ng nais mong ipakitungo ko sa kanila?

Ama, tulungan mo akong huwag magdamdam sa iyong pagtutuwid. Iyong sinabi, "Mapalad angtaong iyong itinutuwid at tinuturuan ng iyong kautusan" (Awit 94:12).

Nawa'y matutunan kong sabihin kasama ng Salmistang si David, "Mabuti para sa akin na ako'y iyong pinarusahan; upang ako ay matuto sa iyong mga katuruan" (Awit 119:71).

"Nalalaman ko, O PANGINOON, na ang iyong mga paghatol ay matuwid, at sa katapatan mo ako ay iyong pinarusahan" (Awit 119:75)

Ama, hinihiling mo sa akin na magkaroon at mapanatili ang isang malinis na budhi. Sinabi ni Pablo, "Kaya't pinagsisikapan kong

Tulungan mo akong panatilihing malinis ang aking konsensya. Isang malinis na konsensya na naidudulot ng pagtitiwala saiyo.

Iyong sinabi sa akin na "lumapit tayo sa kanya nang may tapat na puso at matatag na pananampalataya, dahil nilinis na ang ating mga puso mula sa maruming pag-iisip, at nahugasan na ang mga katawan natin ng malinis na tubig" (Hebreo 10:22).

Espirituwal na Pakikidigma

"At huwag mo kaming hayaang mahulog sa tukso, at iligtas mo kami sa masama"—ating Proteksyon

Ama, ipinahahayag ng iyong Salita na si Hesus ay dumating upang palayain ako mula sa pagiging makasarili, pagkahumaling, pagpilit, o anumang bagay na pumipigil sa akin na maging ganap na katulad ni Kristo (1 Juan 3:8).

Baguhin mo ako sa pamamagitan ng iyong biyaya tungo sa natatanging tao na nais mo maging ako.

Sa pangalan ni Hesus, hinihiling ko ang iyong banal na pagkilos sa aking buhay upang ako ay maging malaya sa lahat ng makakahadlang sa iyong kalooban sa aking buhay.

Ipagkaloob mo, Ama, na maging matatag ang aking pananampalataya sa iyo. Iyong sinabi, "Magpakatatag kayo sa kalakasang galing sa Panginoon at sa kanyang dakilang kapangyarihan" (Efeso 6:10).

Tulongan mo akong alalahanin na ang aking pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo (mga tao), kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga awtoridad, laban sa mga pinuno ng kadiliman ng panahong ito, sa mga hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid" (Efeso 6:12).

Tulongan mo ako, Ama, na "isuot ang buong kalasag mula ng Dios. Sa gayon, makakatagal kayo sa pakikipaglaban pagdating ng araw na sumalakay ang masama, upang pagkatapos ng labanan ay matatag pa rin kayong nakatayo" (Efeso 6:13).

Iyong sinabi, "Kaya't maging handa kayo. Ibigkis sa inyong baywang ang sinturon ng katotohanan" (Efeso 6:14a). Tulongan mo akong maging ganap na tapat sa ahat ng aking mga relasyon.

Iyong sinabi, "at isuot sa dibdib ang baluti ng katuwiran" (Efeso 6:14b). Ingatan mo ang aking puso upang ako ay maging matuwid at banal sa lahat ng aking gagawin.

Iyong sinabi na dapat namin isuot ang sapatos ng pagiging handa sa pangangaral ng magandang Balita ng kapayapaan (Efeso 6:15). Tulongan mo akong tumayo ng matatag sa iyong katotohanan at makita kung kailan mo nais na ibahagi ko ang ebanghelyo ni Hesus sa iba.

Iyong sinabi, "Lagi ninyong gawing panangga ang pananampalataya, na siyang papatay sa lahat ng nagliliyab na palaso ng diyablo" (Efeso 6:16). Kapag ako ay tinukso ngayon, ipagkaloob mo na hindi ako mabigo ng aking pananampalataya.

Dapat kong isuot ang helmet ng kaligtasan (Efeso 6:17). Nawa'y ang lahat ng aking pag-iisip ay madala sa pagkabihag sa pagsunod kay Kristo Hesus (2 Corinto 10:5).

Dapat kong matutunan kung paano gamitin ang espada ng Espiritu, walang iba kundi ang salita ng Dios. (Efeso 6:17). Tulungan mo akong mahalín ang iyong Salita at itago sa aking puso upang hindi ako magkasala laban sa iyo (Awit 119:11).

Papuri at Pasasalamat

“Sapagkat Sa Iyo ang Kaharian, at ang Kapangyarihan, at ang Kaluwalhatian magpakailanman” –Magtapos sa Papuri.

[Ituon ang isipan sa katayuan ng Dios, kanyang kapangyarihan, kanyang kadakilaan at kaluwalhatian. Pasiglahin ang iyong puso ng papuri.]

Pinupuri kita Panginoon, na ikaw ang “Walang hanggang Dios, ang PANGINOON, ang Lumikha ng buong daigdig” (Isaias40:28).

“Hindi ka nanghihina o napapagod. Hindi ka umiidlip o natutulog” (Awit 121:4).

Ang iyong pang-unawa ay hindi maaarok. Iyong binibigyan ng lakas ang napapagod, at binibigyan ng kapangyarihan ang mga mahihina (Isaias 40:29).

“Ngunit ang mga nagtitiwala sa PANGINOON ay muling magkakaroon ng lakas; lilipad sila na gaya ng isang agila; tumakbo man sila ay hindi mapapagod; lumakad man sila ay hindi manghihina” (Isaias 40:31).

Iyong sinabi, “Huwag kang matakot; sapagka’t ako’y samasaiyo: huwag kang mangamba; sapagka’t ako ang iyong Dios: palalakasin kita; at tutulungan, Iingatan kita sa pamamagitan ng aking kapangyarihan na siya ring makapagliligtas sa iyo” (Isaias 41:10).

Iyong sinabi, “Kapag dumaan ka sa tubig, ako’y kasama mo; Kapag tatawid ka ng mga ilog, hindi ka malulunod; Kapag dumaan ka sa apoy, hindi ka masusunog at ang liyabnito ay hindi makakapinsala sa iyo. Sapagkat ako ang PANGINOON, na iyong Dios, ang Banal na Dios ng Israel, na iyong Tagapagliligtas” (Isaias 43:2-3).

“At ito ang pagtitiwala na mayroon tayo sa kaniya, na kung tayo’y humingi ng anumang bagay ayon sa kaniyang kalooban, ay dinirinig niya tayo: At kung nalalaman natin na tayo'y dinirinig niya, anuman ang ating hingin, ay nalalaman nating ninanais natin ang kanyang kalooban.” (1 Juan 5:13,14)

Sa Pangalan ni Hesus, ito ang aking dalangin, Amen

Miyekules

Pagsamba / Pagpupuri

"Ama Namin" –Ang Ating Kaugnayansa Dios

[Ang titulong "Ama" ay nagpapahiwatig ng hindi bababa sa dalawang ideya: (1) ang Tatlong Persona/Trinidad— Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Sa pananalangin ay pumapasok tayo sa buhay at pakikipag-ugnayan sa Tatlong Persona/ Trinidad; at(2) ang ating pagiging bagong miyembro sa pamilya ng Dios.]

Sambahin ang Dios Ama

Aming Ama na nasa Langit:

Sinasamba kita dahil ikaw ay mabuti. "Ang pag-ibig na ukol sa ati'y dakila at wagas, at ang katapatan niya'y walang wakas" (Awit 117:2).

Nakikiisa ako sa Salmista sa pagpapahayag, "Buhay ang PANGINOON! Dios ko't Tagapagligtas! Matibay kong muog, purihin ng lahat"(Awit 18:46).

"Buhat sa silangan hanggang sa kanluran, ang pangalan ng PANGINOON dapat purihin"(Awit 113:3).

"Sa lahat ng pagkakataon aking pupurihin ang PANGINON. Pagpupuri ko sa kanya'y mananatili sa aking bibig"(Awit 34:1).

Ikaw ay napaparangalan kapag ako ay namumunga ng masagana(Juan 15:8).

Ipagkaloob mo sa akin ang pagnanais at kapangyarihan (ang iyong biyaya) na parangalan ka sa aking buhay.

Sambahin ang Dios Anak

Sinasamba kita, Hesus, kung sino ka, at salamat sa ginagawa mo para sa akin araw-araw.

Nakikiisa ako sa mga anghel at arkanghel sa pagpapahayag: "Ang Kordero na pinatay ay karapat-dapat na tumanggap ng kapangyarihan, at kayamanan, at karunungan, at lakas, at karangalan, at kaluwalhatian, papuri at paggalang" (Pahayag 5:12).

"Lubos kang itinaas ng Dios at binigyan ka ng isang pangalang higit sa lahat ng pangalan, upang sa iyong pangalan ay luluhod at magpupuri ang lahat ng nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa. *At ang* lahat ng dila ay magpapahayag na si Kristo Hesus ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Dios Ama." (Filipos 2:9-11).

Nagpapasalamat ako sa pagpapatawad mo sa aking mga kasalanan. Sinabi ni Pablo, "Sapagkat napawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng ating pananampalataya, mayroon na tayong mapayapang ugnayan sa Dios sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesu-Kristo: Sa pamamagitan ng pananampalataya kaya tinamasa natin ang kagandahang-loob ng Dios, at tayo'y nagagalak dahil sa pag-asang tayo'y makakabahagi sa kanyang kaluwalhatian. Hindi lamang *iyon*, ikinagagalak din natin ang mga kahirapang ating tinitii; dahil alam nating ito'y nagbubunga ng pagtitiyaga; at ang pagtitiyaga ay nagbubunga ng mabuting pagkatao: at ang mabuting pagkatao ay nagbubunga ng pag-asa; at hindi tayo binigo ng pag-asang ito sapagkat ang pag-ibig ng Dios ay ibinuhos na sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ipinagkaloob sa atin" (Roma 5:1-5).

Tulungan mo akong "makapamuhay ng karapat-dapat at kalugod-lugod sa Panginoong Hesus sa lahat ng aking ginagawa. Nawa'y sumagana ako sa lahat ng uri ng mabubuting gawa, at lumago sapagkakilala sa Dios" (Colosas 1:10).

Sambahin ang Dios Espiritu Santo

Ituro mo sa akin kung ano ang kahulugan ng pananalangin "sa Espiritu" (Judas 1:20).

Hangad at layunin kong sundin ang iyong mga ipinagagawa at pangunguna.

Bigyan mo ako ng mga tainga upang marinig kung ano ang nais mong sabihin sa akin.

Buksan mo ang aking mga tainga at mata, at ipagkaloob na hindi ako magiging mapanghimagsik o tumalikod sa paggawa ng iyong kalooban (Isaias 50:4, 5; Efeso 1:18).

"Gaya ng sa Langit" –Ang Kaluwalhatian ng Dios

[Ang langit ay isang lugar. Dito matatagpuan ang trono ng Dios. Gayunpaman, hindi natin dapat isipin na ang presensya ng Dios ay limitado sa langit. Siya ay nasa lahat ng dako ("sa lahat ng lugar"- Awit 139:7-12). Gayunpaman, sinasabing *masnaroroon* ang Dios sa ilang lugar kaysa sa iba. Ang katotohanan na ang Dios ay "nasa langit" na nagpapahiwatig na Siya ay hindi limitado sa mga lugar sa lupa. Siya ay makapangyarihan at walang limitasyon ang kanyang kapangyarihan. Dagdag pa rito, "ang langit" ay nagsasalita ng pagiging perpekto at nagpapaalala sa akin na ang Dios ay nagpapakita kung ano ang perpektong pagka-Ama.]

"Ang PANGINOON ay nasa kaniyang banal na templo; ang trono ng PANGINOON ay nasa kalangitan. Tinitingnan niya at sinisiyasat ang lahat ng tao" (Awit 11:4)

“Kapag aking iniisip ang kalangitan, ang gawa ng iyong mga kamay, ang buwan at ang mga bituin, na iyong inilagay, itinatanong ko kasama ng Salmista, “Ano ba ang tao upang iyong alalahanin? Sino nga ba siya upang iyong kalingain?” (Awit 8:3, 4).

Nilikha mo ang lahat ng bituin at tinatawag sila sa kanilang pangalan (Isaias 40:26).

Bagama’t nagawa mo na ang lahat ng ito, hinahanap mo ang matalik na kaugnayan sa akin at binigyan mo ako ng dignidad at tadhana sa pamamagitan ni Kristo Hesus.

Pinasasalamatan kita at sinasamba para sa iyong pagiging makapangyarihan at iyong dakilang pag-ibig.

“Sambahin ang Iyong Pangalan” - Ang Reputasyon ng Dios

[Ang mismong katangian ng Dios (lahat ng kanyang ginawa at ang lahat ng kanyang katangian bilang Dios) ay banal. Kapag inaangkin natin na tayo ay isang Kristiyano ay inaangkin rin natin ang isang relasyon sa Kanya sa pamamagitan ni Kristo Hesus. Dahil ang Dios ay banal, dapat tayong maging banal sa lahat ng ating pag-uugali at pagkilos (1 Pedro 1:15,16). Nakakaimpluwensya tayo sa iniisip ng iba tungkol sa Kanya. Nasa ating mga kamay ang kanyang reputasyon.]

Iyong sinabi, “Purihin ang PANGINIOON na ating Dios. Sambahin siya sa kanyang templo; *sapagkat* siya ay banal” (Awit 99:5).

Ama, tulungan mo akong malaman kung paano ka dadakilain sa aking buhay, sa aking mga ugali, at sa aking mga salita.

Inuutos mo, “Papurihan ang PANGINOON ng mga papuring nararapat sa kanyang pangalan; Sambahin ninyo ang PANGINOON sa kanyang banal na presensya” (Awit 29:2)

Iyong sinabi, “Umawit kayo ng mga papuri sa PANGINOON at magpasalamat kayo sa kanyang banal na pangalan” (Awit 30:4).

Ang iyong kabanalan ay maganda (2 Cronica 20:21). Nawa’y walang anumang bagay sa aking buhay ang makadungis sa iyong kabanalan.

Pamamagitan

“Dumating Nawa ang Iyong Kaharian” –Paghaharing Dios

[Ang plano ng Dios mula sa kawalang-hanggan/eternity ay ang magtatag ng matuwid at banal na kaharian dito sa lupa (Mateo 25:34). Ang pagtatatag ng kaharian ng Dios ay nangyayari sa dalawang yugto. Ang unang bahagi ay espirituwal. Naghahari ang Dios sa puso ay buhay ng kanyang mga mamamayan

(Colosas 1:13). Kapag nananalangin tayo ng "dumating nawa ang iyong kaharian," ipinapanalangin natin na maligtas nawa ang mga tao at maging mga mamamayan ng Kaharian ng Dios (Mateo 9:35). Ang ikalawang bahagi ng pagdating nang Kaharian ng Dios ay sa pisikal. Kapag dumating muli si Hesus sa ikalawang pagkakataon, Kanyang aalisin ang lahat ng pamahalaan sa lupa, at itatag ang kanyang sarili bilang Hari ng buong mundo (Daniel 2:44-45). Kapag nananalangin tayo "dumating nawa ang iyong kaharian," sa ganitong diwa, buong pananabik nating inaasahan ang ikalawang pagparito ni Hesus (Pahayag 22:20).]

Nawa'y alalahanin ko na ang iyong kaharian ay hindi sa mundong ito (Juan 18:36).

Iyong sinabi, "Ang kaharian ng Dios ay hindi tungkol sa ating kinakain o iniinom, kundi sa pamumuhay nang may kabutihan at kapayapaan at kagalakan na nagmumula sa Banal na Espiritu" (Roma14:17).

Ang iyong kaharian ay kasalukuyang nasa puso ng mga lalaki at babae na muling ipinangak sa espirituwal.

Bilang aking Hari, bigyan mo ako ng kakayahang magpasakop nang kusang-loob sa iyong awtoridad.

Nawa'y makita sa aking buhay ang iyong paghahari habang ako ay namumuhay araw-araw sa ilalim ng iyong awtoridad.

Nangangako ako ng katapatan sa iyo at sa iyong mga layunin para sa aking buhay, para sa buhay ng mga miyembro ng aking pamilya, at para sa buhay ng aking mga kaibigan.

Nawa'y lumago ang iyong Kaharian habang parami ng parami ang nakakakilala sa iyo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.

Pagpalain mo po nawa at palakasin, ang lahat ng Kristiyanong nagtrabaho sa mga secular na trabaho upang maging maningning na saksi ng pag-ibig at kapayapaan ni Hesus.

Iyong sinabi, "itaas mo ang iyong mga mata, at tingnan ang kabukiran; sapagkat hinog na ang mga trigo at handa nang anihin" (Juan 4:35). Ipinapanalangin ko na magpadala ka, ng mas maraming manggagawa para sa anihan sa bukirin at bigyan sila ng bunga na kabayaran para sa kanilang paggawa.

Iyong ipinangako, "Tumawag ka sa akin, at sasagutin kita, at magpapakita sa iyo ng dakila at mga kamangha-manghang bagay na hind mo nalalaman" (Jeremias 33:3).

"Hindi mo ba kami bubuhayin muli: upang ang iyong bayan ay magalak sa iyo?" (Awit 85:6)

[Ipanalangin ang mga taong hindi pa naliligtas.]

Ipinapanalangin ko... (pangalanan ang mga hindi pa naliligtas)... na maligtas.

Ama, ilapit mo sila kay Hesus (Juan 6:44). Bigyan mo sila ng pusong nagsisisi. Bigyan mo sila ng kagutuman at kauhawan sa iyo.

O Dios, hangga't masaya sila sa kasalanan, hindi nila mararamdaman ang kanilang pangangailangan para sa iyo. Kaya't gawin mong abo at alabok sa kanilang bibig ang kasiyahan sa kasalanan. Ipasakop mo sila sa iyong kalooban at sa iyong paraan (Hosea 2:8,9).

Dalhin mo nawa ang mga tamang tao sa kanilang buhay na tutulong sa kanila na malaman kung paano maliligtas.

Bigkisin ang mga kapangyarihan ng kadiliman na umaalipin sa kanila at buksan ang kanilang mga mata sa kanilang pangangailangan sa iyo.

Nawa'y malapit na ang araw ng kanilang kaligtasan.

"Maganap nawa ang Iyong Kalooban sa lupa gaya ng sa langit" – Paghahari ng Dios

[Ang petisyon na iyo ay nagtuturo sa atin na mas mag-alala tungkol sa kalooban ng Dios na matupad sa ating buhay kaysa sa ating mga plano at mga naising matupad. Kung ang ating mga hangarin ay hindi naaayon sa kanyang kalooban, dapat nating hilingin sa Dios na baguhin niya ang ating mga hangarin. Ang kanyang kalooban ay dapat nating gawin gaya ng ginagawa ng mga anghel sa langit—nang may pananabik at kagalakan. Dapat tayong magpasakop sa awtoridad ng kanyang Salita.]

Ama, nagagalak ako na ninanais mo na ako ay "mapuspos ng kaalaman ng iyong kalooban sa buong karunungan at espirituwal na pagkaunawa" (Colosas 1:9).

Kalooban mo na ako ay "tumayo ng sakdal at lubos na nakakatiyak sa lahat ng kalooban ng Dios" (Colosas 4:12).

"Ituro mo sa akin, O PANGINOON, ang iyong kagustuhan, sa ligtas na landas ako'y iyong samahan, pagkat naglipana ang aking mga kaaway" (Awit 27:11).

Ipinangako mo na kapag ang aking buhay ay kalugod-lugod sa iyo, gagawin mong makipagbati sa akin maging ang aking mga kaaway (Kawikaan 16:7).

[Tandaan: Isa sa mga dahilan kung bakit itinuro sa atin ni Hesus na manalangin ng ganito, ang paglalaan ng 1/3 ng ating oras ng panalangin sa kanyang pangalan, sa kanyang kaharian, at sa kanyang kalooban ay upang alisin sa atin ang pagkamakasarily (sa ating mga problema at pangangailangan).]

Pagsusumamo

“Bigyan mo Kami ng Makakain sa Araw-araw” – Ating mga Pangangailangan/Resources

[Ang Dios ay may di nauubos na mapagkukunan. Naroroon sila upang magamit natin. Hilingin sa Kanya na tugunan ang iyong pisikal, pinansyal, emosyonal, at mental na mga pangangailangan.]

Aming Ama, Iyong sinabi na kung hahanapin ko muna ang iyong kaharian at iyong katuwiran— kung uunahin kita sa aking buhay— ay ibibigay mo ang lahat ng aking materyal na pangangailangan (Mateo 6:33).

Iyong sinabi, “Huwag kang mag-alala tungkol sa kinabukasan; sapagka’t ang bukas ay may sarili nang alalahanin (Mateo 6:34).

Pinagbawalan mo akong magmaktol, bumulong-bulong, o magreklamo tungkol sa anumang bagay (1 Corinto 10:10). Sa halip na magreklamo, dapat kong ilapit sa iyo sa pananalangin ang lahat ng aking problema.

Iyong sinabi, “Huwag kang mag-alala tungkol sa anumang bagay, ngunit sa pamamagitan ng pananalangin, pagsusumamo at pasasalamat, upang idulog sa iyo ang lahat ng aking mga alalahanin, at ang kapayapaan ng Dios, na higit sa lahat ng pang-unawa, na siyang magbabantay sa aking puso at aking pag-iisip kay Kristo Hesus” (Filipos 4:6,7).

Nawa’y patawarin mo ako sa aking pagbulong-bulog at pagrereklamo sa aking kalagayan. Ikaw ay lubos na naging mabuti sa akin, higit sa dapat kong tamasin.

Idinudulog ko sa iyo ang aking mga pangangailangan.... (sabihin ang mga ito).

Tulongan mo akong maalala at magpasalamat sa lahat ng nagawa mo na!

Ipinapanalangin ko.... (oang mga taong nangangailangan sa buong mundo).

Ipinapanalangin ko ang mga may posisyon sa local, estado, at pambansang pamahalaan. Ipinapanalangin ko na patnubayan mo sila sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng iyong Salita. Ipagkaloob mo ito ng parangalan ka nila at maghari ang iyong katuwiran. Mangyaring biguin ang mga layunin ng kasamaan at nawa’y matupad ang iyong kalooban. Ipagkaloob mo na “makapamuhay kami ng tahimik at mapayapa na may kabanalan at katapatan” (1 Timoteo 2:2).

Pagtatapat / Pakikipagkasundo

“At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, gaya ng pagpapatawad naming sa nagkakasala sa amin” - Pakikipagkasundo

[Ang pagtatapat ay isang pagkilos ng pagpapakumbaba. Ito ay isang pagkilala sa pangangailangan ng biyaya at tulong ng Dios. Sa wastong pag-aalok, ito ay nagpapahayag ng pagnanais para sa espirtual na pagpapabuti. Ang pagtatapat ay ang pagtanggap sa pananaw at saloobin ng Dios sa kung ano ang mali o kailangang baguhin sa iyong buhay. Ang pagtatapat ay ang pag-amin sa personal na pananagutan para sa iyong mga pagpili at saloobin anuman ang pakikitungo sa iyo ng ibang tao.]

Siyasatin mo ako, O Dios, at alamin ang nasa aking puso: subukin mo ako, at alamin mo ang aking mga pag-iisip: tingnan mo kung may masamang pag-uugali, at patnubayan mo ako sa daang dapat kong tahakin magpakailanman. (Awit 139:23-24)

“Ang Dios ay ang liwanag, at sa Kanya ay walang anumang kadiliman” (1 Juan 1:5). Iyong sinabi, “Kung sinasabi nating mayroon tayong kaugnayan sa Dios, at lumalakad parin sa kadiliman (gumagawa ng mga makasalanang bagay), nagsisinungaling, at hindi ginagawa ang totoo. Ngunit kung lumalakad tayo sa liwanag (gagawin natin ang mga bagay na nakalulugod sa Dios), dahil Siya (ang Dios) ay ang liwanag, mayroon tayong pakikipag-ugnayan sa kanya, at nilinis tayo ng dugo ni Kristo Hesusa lahat ng ating kasalanan (1 Juan 1:6, 7).

Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya at tapat at matuwid na patatawarin tayo sa ating mga kasalanan, at lilinisin tayo sa lahat ng kalikuan” (1 Juan 1:9).

Tulongan mo akong lumakad sa lahat ng liwanag na ibinigay mo sa akin. Bigyan mo ako ng biyayang gawin ang iyong kalooban nang may kagalakan.

Ama, ipinagtatapat ko ang aking pangangailangan na magkaroon ng higit na pagnanais, katapangan, at pagiging epektibo sa personal na pagpapatotoo at pagwawagi ng kaluluwa.

Nagpapasalamat ako sa iyo, Ama, na ikaw ay “mabuti at handang magpatawad. Ikaw ay sagana sa awa sa lahat ng tumatawag sa iyo”(Awit 86:5).

Salamat sa pagpapatawad mo sa aking mga kasalanan.

Espirituwal na Pakikidigma

“At huwag mo kaming hayaang mahulog sa tukso, at iligtas mo kami sa masama” – ating Proteksyon

Iyong iniutos, "Gawin ninyo bilang sandata ang Panginoong Hesus, at huwag ninyong pagbigyan ang laman, upang masunod ang mga hilig nito(malalakas na magnanasa)" (Roma 13:14).

Bigyan mo ako ng biyaya na lumayo sa mga lugar ng buhay kung saan ako ay mahina at madaling magalit sa iyo.

Iyong sinabi, "Magpakatatag kayo sa Panginoon sa pamamagitan ng dakila niyang kapangyarihan. Gamitin ninyo ang lahat ng kagamitang pandigma na ibinigay sa inyo ng Dios para malabanan ninyo ang mga lalang ng diyablo. Sapagkat ang kalaban natin ay hindi mga tao kundi masasamang espiritu sa himpapawid –mga pinuno, may kapangyarihan at mga tagapamahala ng kadilimang namamayani sa mundong ito"(Efeso 6:10-12).

Iyong sinabi, "Kaya maging handa kayo. Gawin ninyong sinturon ang katotohanan" (Efeso 6:14a). Tulungan mo akong maging lubusang tapat sa lahat ng aking relasyon.

Iyong sinabi, "Isuot ninyo ang pagkamatuwid bilang pananggalang sa dibdib ninyo"(Efeso 6:14b). Ingatan mo ang aking puso, at tulungan mo akong maging lubusang tapat at banal sa lahat ng aking ginagawa.

Iyong sinabi na dapat kong isuot bilang sapatos ang pagiging handa sa pangangaral ng Magandang Balita na nagbibigay ng kapayapaan (Efeso 6:15). Tulungan mo akong tumayo sa katotohanan at makita ang mga pagkakataon upang ibahagi sa iba ang Ebanghelyo ni Hesus.

Iyong sinabi, "Gamitin ninyo bilang panangga ang pananampalataya para hindi kayo tablan ng mga panunukso ni Satanas na parang mga palasong nagliliyab" (Efeso 6:16). Kpag ako ay tinutukso, pahintulutan nyo nawang di ako mabigo ng aking pananampalataya.

Dapat kong isuot bilang helmet ang tinanggap ninyong kaligtasan (Efeso 6:17). Nawa ay mabihag ang lahat ng isipan upang matutong sumunod kay Kristo Hesus (2 Corinto 10:5).

Tulungan mo akong matutunang gamitin ang tabak ng Espiritu, na walang iba kundi ang Salita na Dios. (Efeso 6:17b).

Papuri at Pasasalamat

"Sapagkat Sa Iyo ang Kaharian, at ang Kapangyarihan, at ang Kaluwalhatian magpakailanman"- Magtapos sa Papuri.

[Ituon ang isipan sa katayuan ng Dios, kanyang kapangyarihan, kanyang kadakilaan at kaluwalhatian. Pasiglahin ang iyong puso ng pagpupuri.]

Inaalay ko sa iyo "ang handog ng katapatan, at ibinibigay ko ang aking tiwala sa iyo PANGINOON" (Awit 4:5).

Iyong sinabi, "Ngunit ang humihingi ng tulong sa iyo ay masisiyahan, at lagi silang aawit nang may kagalakan. Ingatan mo ang mga sa iyo'y nagmamahal, upang magpatuloy silang ika'y papurihan." (Awit 5:11)

Iyong sinabi, "Sila'y magagalak at iibigin nila ang iyong pangalan dahil Pinagpapala mo, O PANGINOON, ang mga taong matuwid, at gaya ng kalasag, protektado sila ng iyong pag-ibig." (Awit 5:11-12).

Ama, pinipili kong maging masaya at nagagalak sa iyo.

Iyong sinabi, "Huwag kang matakot; sapagkat kasama mo ako: huwag kang mangamba; sapagkat ako ang iyong Dios. Palalakasin kita; at tutulungan; iingatan kita ng aking katuwiran" (Isaiah 41:10).

"May lakas-loob tayong lumapit sa kanya dahil alam nating ibibigay niya ang anumang hingin natin kung ito'y naaayon sa kanyang kalooban. At dahil alam nating pinapakinggan nga niya tayo, alam din nating ibinibigay niya ang bawat hinihiling natin sa kanya" (1 Juan 5:14,15)

Sa Pangalan ni Hesus, ito ay aking dalangin, Amen

Huwebes

Pagsamba / Pagpupuri

"Ama Namin" –Ang Ating Kaugnayansa Dios

[Ang titulong "Ama" ay nagpapahiwatig ng hindi bababa sa dalawang ideya: (1) ang Tatlong Persona/Trinidad— Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Sa pananalangin ay pumapasok tayo sa buhay at pakikipag-ugnayan sa Tatlong Persona/Trinidad; at(2) ang ating pagiging bagong miyembro sa pamilya ng Dios.]

Sambahin ang Dios Ama

Aming Ama na nasa Langit:

"Pupurihin kita nang buong puso ko; Ipahahayag ko ang lahat ng iyong kahanga-hangang mga gawa" sapagkat ikaw ay karapat-dapat sa lahat ng aking papuri (Awit 9:1).

"Ako ay magagalak at magpupuri sa iyo: ako'y aawit ng pagpupuri sa iyong pangalan, O Dios ng kataas-taasan" (Awit 9:2).

Iyong sinabi, "Nananalig sa iyo ang mga taong kumikilala sa iyong pangalan: sapagka't hindi mo tinatanggihan, O PANGINOON, ang mga lumalapit sa iyo" (Awit 9:10).

Ama, nagpapasalamat ako na kilala ko ang iyong pangalan (katangian). Malugod kong inilalagay ang aking tiwala sa iyo.

Dahil inaangkin ko na ikaw ay aking Ama, tulungan mo akong parangalan ka sa aking pag-iisip, salita, at kilos.

Iyong sinabi na ang paggalang at pagsunod sa Panginoon ay naglalayo sa kasamaan. Dapat kong kamuhian ang lahat ng kalikuan, sa salitang baluktot, at sa diwang kayabangan (Kawikaan 8:13). Tulungan mo akong gawin ito.

Tulungan mo akong maging masunurin sa iyo araw-araw sa pamamagitan ng paglakad sa pagkatakot sa Panginoon (Kawikaan 23:17).

Nawa'y magliwanag ang kagandahan ni Hesus sa aking buhay upang makita ng sinumang nasa paligid ko ang aking mabubuting gawa at luwalhatiin ka, Ama (Mateo 5:16).

Nawa'y ang iyong ngiti ng pagsang-ayon ay makita sa aking buhay.

Bigyan mo ako ng biyaya na maging maawain sa iba gaya ng iyong pagiging mahabagin sa akin (Lucas 6:36).

Sambahin ang Dios Anak

Ama, ako'y lubos na nagpapasalamat na ang iyong Anak ay dumating sa mundo upang ako ay lumaya mula sa kasalanan at sa paniniil ng pagiging makasarili.

Nawa'y hindi pahintulutan ng Dios na "mangyari sa akin ang pagmamapuri, maliban sa krus ni Kristo Hesus na ating Panginoon, na sa pamamagitan nito'y ang sanglibutan ay napako sa krus sa ganang akin, at ako'y sa sanlibutan" (Galacia 6:14).

Sa pamamagitan ng aking pakikipag-isa sa iyo, Panginoong Hesus, ako ay namatay na sa kasalanan (Roma 6:2). Sinasabi mo sa akin na ako ay malaya na sa kasalanan (Roma 6:7).

Nawa'y alalahanin ko na ang taong ako bago mo ako iligtas— ay makasarili at makasalanan— ay ipinako sa krus kasama ni Kristo sa sandali ng aking bagong kapanganakan (Roma 6:6a).

Ang layunin mo para sa aking buhay ay upang masira ang kontrol ng kasalanan sa aking katawan, upang hindi na ako maglingkod sa kasalanan (Roma 6:6b).

Inutusan mo akong manampalataya at "ibilang ang aking sarili na tunay na patay sa kasalanan ngunit buhay kay Kristo" (Roma6:11).

Hindi ko dapat "hayaang maghari ang kasalanan sa aking katawan sa pamamagitan ng pagsunod sa masasamang pagnanasa nito" (Roma6:12).

Dapat kong ipasakop sa Dios at ibigay ang aking katawan bilang kasangkapan sa kabutihan (Roma 6:13).

Tulungan mo akong sundin ang mga utos na ito at mamuhay sa kapangyarihan ni Kristo sa araw na ito.

Sambahin ang Dios Espiritu Santo

Salamat, Ama, sa kaloob ng Banal na Espiritu. Sinabi ni Hesus na ang Banal na Espiritu ay ang "pangako ng Ama" (Lucas 24:49).

Puspusin mo ako, pinagpalang Espiritu, ng iyong banal na Presensya (Efeso 5:18). Turuan mo akong magpasakop sa iyong pagkilos sa bawat bahagi ng aking buhay.

Linisin mo ako sa lahat ng makakapagparumi sa akin at makakahadlang sa iyong pagkilos sa aking buhay (2 Corinto 7:1).

Huwag sana kitang bigyan ng kapighatian ngayon sa anumang paraan (Efeso 4:30).

"Gaya ng sa Langit" –Ang Kaluwalhatian ng Dios

[Ang langit ay isang lugar. Dito matatagpuan ang trono ng Dios. Gayunpaman, hindi natin dapat isipin na ang presensya ng Dios ay limitado sa langit. Siya ay nasa lahat ng dako ("sa lahat ng lugar" - Awit 139:7-12). Gayunpaman, sinasabing *mas naroroon* ang Dios sa ilang lugar kaysa sa iba. Ang katotohanan na ang Dios ay "nasa langit" na nagpapahiwatig na Siya ay hindi limitado sa mga lugar sa lupa. Siya ay makapangyarihan at walang limitasyon ang kanyang kapangyarihan. Dagdag pa rito, "ang langit" ay nagsasalita ng pagiging perpekto at nagpapaalala sa akin na ang Dios ay nagpapakita kung ano ang perpekto pagka-Ama.]

Aming Ama na nasa Langit, namamangha ako na sa kabila ng iyong makapangyarihang kaluwalhatian, ay pinili mo akong mahal in (Juan 3:16).

Ang iyong pagmamahal sa aking ay walang dahilan, nagpapatuloy, at walang bayad. Ito'y hindi ko karapat-dapat tamasin, hindi masusukat, at hindi kailanman mawawala.

Hindi mo ibinigay ang iyong pagmamahal sa akin dahil ako ay kaibig-ibig, maganda, o matalino. Sa aking kasalanan ako ay hindi kaibig-ibig, kasuklam-suklam, at hangal.

Minahal mo ako dahil pinili mo akong mahal in (Efeso 2:4-5).

Gayunpaman, sa iyong pag-ibig, tinatanggihan mo na ang kasalanan ay manatili sa aking buhay.

Ikaw ay aktibong kumikilos upang iayon ako sa "larawan ng iyong Anak" (Roma 8:28-29).

Tulongan mo ako na masilayan ang iyong kaluwalhatian, Panginoong Hesus, at sa gayon ay mabago ako mula sa isang antas ng kaluwalhatian hanggang kami'y maging kalarawan niya sa pamamagitan ng inyong Espiritu (2 Corinto 3:18).

"Sambahin ang Iyong Pangalan" –Ang Reputasyon ng Dios

[Ang mismong katangian ng Dios (lahat ng kanyang ginawa at ang lahat ng kanyang katangian bilang Dios) ay banal. Kapag inaangkin natin na tayo ay isang Kristiyano ay inaangkin rin natin ang isang relasyon sa Kanya sa pamamagitan ni Kristo Hesus. Dahil ang Dios ay banal, dapat tayong maging banal sa lahat ng ating pag-uugali at pagkilos (1 Pedro 1:15,16). Nakakaimpluwensya tayo sa iniisip ng iba tungkol sa Kanya. Nasa ating mga kamay ang kanyang reputasyon.]

Ama, "sinasamba" ko ang iyong pangalan habang pinagninilayan ko ang iyong kabanalan, sapagkat ikaw ay isang Banal na Dios.

“Banal, Banal, Banal, ay ang PANGINOON ng mga hukbo: ang buong lupa ay puno ng kaniyang kaluwalhatian” (Isaias 6:3).

Sinabi ng Salmista, “Purihin n’yo ang kanyang banal na pangalan. Magalak kayo, kayong mga lumalapit sa PANGINOON” (Awit 105:3)

“AngPANGINOONayang aking depensa. Ang Banal na Dios ng Israel ay ang aking hari” (Awit 89:18).

Tulungan mo ako, gaya ng sinasabi ng kanta na

“Take time to be holy, the world rushes on
Spend much time in secret with Jesus alone.
By looking to Jesus, like Him thou shalt be.
Thy friends in thy conduct his likeness shall see.

“Take time to be holy, let Him be thy guide;
And run not before Him whatever betide.
In joy or in sorrow still follow thy Lord,
And looking to Jesus, still trust in his Word

“Mag-ukol ng panahon upang maging banal, nagpapatuloy ang mundo
Mag-ukol ng maraming panahon nang lihim kasama ni Jesus lamang.
Sa pagtingin kay Jesus, ikaw’y magiging katulad niya.
Sa iyong pag-uugali, ang pagkakatulad mo sa Kanya ay makikita ng iyong mga kaibigan.

“Mag-ukol ng panahon upang maging banal, hayaang Siya ang iyong maging gabay;
At huwag Siyang pangunahan anuman ang dumating.
Sa kaligayahan o sa kalungkutan man patuloy na sundin ang iyong Panginoon,
At sa pagtingin kay Jesus, patuloy na pagtiwalaan ang kanyang Salita.”³

Pamamagitan

“Dumating Nawa ang Iyong Kaharian” –Paghahari ng Dios

[Ang plano ng Dios mula sa kawalang-hanggan/eternity ay ang magtatag ng matuwid at banal na kaharian dito sa lupa (Mateo 25:34). Ang pagtatatag ng kaharian ng Dios ay nangyayari sa dalawang yugto. Ang unang bahagi ay espirituwal. Naghahari ang Dios sa puso at buhay ng kanyang mga mamamayan (Colosas 1:13). Kapag nananalangin tayo ng “dumating nawa ang iyong kaharian,” ipinapanalangin natin na maligtas nawa ang mga tao at maging mga mamamayan ng Kaharian ng Dios (Mateo 9:35). Ang ikalawang bahagi ng pagdating nang

³George Cole Stebbins

Kaharian ng Dios ay sa pisikal. Kapag dumating muli si Hesus sa ikalawang pagkakataon, Kanyang aalisin ang lahat ng pamahalaan sa lupa, at itatatag ang kanyang sarili bilang Hari ng buong mundo (Daniel 2:44-45). Kapag nananalangin tayo na "dumating nawa ang iyong kaharian," sa ganitong diwa, buong pananabik nating inaasahan ang ikalawang pagparito ni Hesus (Pahayag 22:20).]

Panginoong Hesus, isinugo mo kami upang maglingkod sa iyong Kaharian hindi bilang mga panginoon, kundi bilang mga alipin (1 Pedro 5:3). Nagpakita ka ng halimbawa kung ano ang kahulugan ng pagiging lingkod (Filipos 2:6,7).

Narito ka upang hanapin at iligtas ang nawawala (Lucas 19:10).Hindi mo hinanap ang iyong sariling kagustuhan (Juan 6:38), ang iyong sariling kasiyahan (Roma 15:3), ni nagsalita ng iyong sariling mga salita (Juan 14:10).

Tulungan mo akong gayahin ang isip ni Kristo upang ako ay makatagpo ng higit na kagalakan sa paglilingkod sa iyo at sa iba kaysa sa paghahangad ng sarili kong kasiyahan,ari-arian, kapangyarihan, pagsasakatuparan ng kagustuhan, o katanyagan (Filipos 2:5).

Ang iyong Kaharian ay isang espirituwal na kaharian sa puso ng mga lalaki at babae na ipinanganak nang mag-uli. Nawa'y lumago ang iyong Kaharian habang parami nang parami ang nakakakilala sa iyo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.Iyong ipadala ang mga taong mangangaral sa mga hindi pa ligtas upang mapanumbalik din sila sa Iyo.

Pagpalain, palakasin, at hikayatin ang lahat ng mga pastor ng mga lokal na iglesia upang sila ay maging tapat sa lahat ng mga turo ng iyong Salita, dahil ikaw ay pantay na Dios ng poot laban sa kasamaan gayundin bilang isang Dios ng kapatawaran para sa mga umaamin at tumatalikod sa kasalanan.

Iyong sinabi, "Tumawag ka sa akin, at sasagutin kita, at ipapakita ko sa iyo ang mga bagay na dakila at kamangha-mangha na hindi mo pa nalalaman" (Jeremias 33:3).

[Ipanalangin ang mga taong hindi pa naliligtas.]

Ipinapanalangin ko ... (pangalanan ang mga hindi pa naliligtas)... na ililigtas pa lamang.

Ama, ilapit mo sila kay Hesus (Juan 6:44). Bigyan mo sila ng pusong nagsisisi. Bigyan mo sila ng kagutuman at kauhawan sa iyo.

O Dios, hangga't masaya sila sa kasalanan, hindi nila mararamdaman ang kanilang pangangailangan para sa iyo. Kaya't, gawin mong abo at alabok sa kanilang bibig ang kasiyahan ng kasalanan. Ipasakop mo sila sa iyong kalooban at sa iyong paraan (Hosea 2:8,9).

Dalhin mo nawa ang mga tamang tao sa kanilang buhay na tutulong sa kanila na malaman kung paano maliligtas.

Ibigkis ang mga kapangyarihan ng kadiliman na umaalipin sa kanila at buksan ang kanilang mga mata sa kanilang pangangailangan sa iyo.

Nawa'y malapit na ang araw ng kanilang kaligtasan.

“Maganap nawa ang Iyong Kalooban sa lupa gaya ng sa langit” –Paghahari ng Dios

[Ang petisyon na ito ay nagtuturo sa atin na mas mag-alala tungkol sa kalooban ng Dios na matupad sa ating buhay kaysa sa ating mga plano at mga naising matupad. Kung ang ating mga hangarin ay hindi naaayon sa kanyang kalooban, dapat nating hilingin sa Dios na baguhin niya ang ating mga hangarin. Ang kanyang kalooban ay dapat nating gawin gaya ng ginagawa ng mga anghel sa langit— nang may pananabik at kagalakan. Dapat tayong magpasakop sa awtoridad ng kanyang Salita.]

Panginoon, tulungan mo akong maging ayon sa gustong ipagawa at gagawin ng Banal na Espiritu sa aking pamilya, sa aking iglesia, sa aking komunidad, sa aking bansa, at sa mundong ito.

Bantayan at gabayan ang aking mga hangarin at pangarap, dahil binalaan mo ako, “Gaano man karami ang nakikita ng isang tao, hindi siya nasisiyahan. Gaano man karami ang naririnig ng isang tao, hindi siya nasisiyahan” (Mangangaral 1:8). Ang mga bagay sa mundong ito ay hindi kailanman mapupunan ang naisin ng aking puso. Ikaw lang ang makakagawa at ang presensya mo lamang ang makakapuno ng aking puso.

Tulungan mo akong makuha ang aking kasiyahan at kasapatan mula sa aking relasyon sa iyo. Iyong sinabi, “Ako ay ganap (may kapuspusan) kay Kristo” (Colosas 2:10).

Tulungan mo akong magpasalamat sa ibinigay mo na sa akin.

[Tandaan: Isa sa mga dahilan kung bakit itinuro sa atin ni Hesus na manalangin ng ganito— ang paglalaan ng 1/3 ng ating oras ng pananalangin sa kaniyang pagiging Ama, sa kanyang posisyon sa langit, sa kaniyang banal na pangalan, kanyang kaharian, at kanyang kalooban— ay upang alisin sa ating ang pagkamakasariili (sa ating mga problema at pangangailangan).]

Pagsusumamo

“Bigyan mo Kami ng Makakain sa Araw-araw” – Ating mga Pangangailangan

[Ang Dios ay may di nauubos na mapagkukunan. Naroroon ang mga ito upang ating magamit. Hilingin sa Kanya na tugunan ang iyong pisikal, pinansyal, emosyonal, at mental na mga pangangailangan.]

Aming Ama, Iyong sinabi na kung hahanapin ko muna ang iyong kaharian at iyong katuwiran— kung uunahin kita sa aking buhay— ay ibibigay mo ang lahat ng aking materyal na pangangailangan (Mateo 6:33).

Nagpapasalamat ako sa iyong pangako: “at buhat sa hindi mauubos na kayamanan ng Dios, ibibigay niya ang lahat ng iyong kailangan sa pamamagitan ni Kristo Hesus” (Filipos 4:19).

Nagpapasalamat ako sa lahat ng pisikal at materyal na biyayang naibigay mo sa akin.

Ipinapanalangin ko ang aking mga pangangailangan.... (sabihin ang mga ito).

Ipinapanalangin ko ang mga may posisyon sa lokal, estado, at pambansang pamahalaan. Ipinapanalangin ko na patnubayan mo sila sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng iyong Salita. Ipagkaloob mo ito ng parangalan ka nila at maghari ang iyong katuwiran. Mangyaring biguin ang mga layunin ng kasamaan at nawa’y matupad ang iyong kalooban. Ipagkaloob mo na “makapamuhay kami ng tahimik at mapayapa na may kabanalan at katapatan” (1 Timoteo 2:2).

Ipinapanalangin ko, tulad ni Jabesnoong unang panahon, "O, nawa’y pagpalain mo ako at palawakin ang aking nasasakupan. Samahan n’yo ako at ilayo sa kapahamakan para hindi ako masaktan." At ipagkaloobng Dios ang kanyang kahilingan. (1 Cronica 4:10).

Ipagkaloob nyo nawa ang aking panalangin na katulad ng kahilingan ni Jabes.

Pagtatapat / Pakikipagkasundo

“At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, gaya ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin” - Pakikipagkasundo

[Ang pagtatapat ay isang pagkilos ng pagpapakumbaba. Ito ay isang pagkilala sa pangangailangan ng biyaya at tulong ng Dios. Sa wastong pag-aalok, ito ay nagpapahayag ng pagnanais para sa espirtual na pagpapabuti. Ang pagtatapat ay ang pagtanggap sa pananaw at saloobin ng Dios sa kung ano ang mali o kailangang baguhin sa iyong buhay. Ang pagtatapat ay ang pag-amin sa personal na pananagutan para sa iyong mga pagpili at saloobin anuman ang pakikitungo sa iyo ng ibang tao.]

Iyong sinabi, “ngunit kung ang bayang ito na nagtataglay ng aking karangalan ay magpapakumbaba, mananalangin, hahanapin ako at tatalikuran ang kanilang

kasamaan, papakinggan ko sila mula sa langit. Patatawarin ko sila sa kanilang mga kasalanan at muli kong pasasaganain ang kanilang lupain" (2 Chronicles 7:14).

Ama, ipinagtatapat ko ang aking pangangailangan na magkaroon ng higit na pagmamahal sa iyong Salita at paglalaan ng mas maraming oras sa pagsasa-ulo at pagninilay-nilay ng Banal na Kasulatan.

Iyong sinabi, "Ang Salita ni Kristo'y hayaan ninyong lubusang manatili sa inyong puso. Turuan ninyo at paalalahanan ang isa't isa nang may buong karunungan. Buong puso kayong umawit sa Dios ng mga salmo, mga himno at mga awiting espirituwal" (Colosas 3:16).

Sinabi ni Juan, "Masdan nga ninyo, kung gaano kalaki ang pag-ibig sa atin ng Ama. Tinatawag niya tayong mga anak ng Dios, at iyon nga ang totoo. Ang dahilan kun g bakit hindi tayo nakikilala ng mga makasanlibutan, ay dahil hindi nila siya nakikilala. Mga minamahal, ngayon na tayo ay mga anak na ng Dios ngunit hindi pa nahahayag ang magiging kalagayan natin. Ngunit alam natin sa kanyang pagdating, tayo'y magiging katulad niya, dahil makikita natin siya ayon sa kung sino talaga siya. At sinumang mayroon ng pag-asang ito ay nagsisikap na maging malinis, kung paanong siya ay malinis" (1 Juan 3:1-3).

Sinabi ni Jesus, "Mapalad ang mga dalisay ang puso: dahil makikita nila ang Dios." (Mateo 5:8). Tulungan mo po akong maging dalisay sa aking mga motibo at isipin sa araw na ito.

Sinabi ni Pablo, "Ang layunin ng kautusan ay pag-ibig na nagmumula sa isang pusong dalisay, at isang mabutinig budhi, at isang sinserong panananampalataya" (1 Timoteo 1:5).

Tulungan mo po ako na "Takasan ang mga pagnanasa ng kabataan: kundi sundin ang pagiging matuwid, pananampalataya, pag-ibig, kapayapaan, kasama ng mga tumatawag sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso" (2 Timoteo 2:22).

Salamat sa pagpapatawad mo sa aking mga kasalanan.

Inalis mo na ang mga iyon "kasinlayo ng silangan mula sa kanluran" (Awit 103:12). Itinapon mo na ang mga iyon sa iyong likuran (Isaias 38:17), upang hindi na iyon muling alalahanin pa. (Jeremias 31:34).

Binura mo na ang mga iyon para sa iyong kapakanan (Isaias 43:25), at itinapon ang lahat ng iyon sa kalaliman ng dagat (Mica 7:19).

Pinasasalamatan kita para sa iyong awa at kapatawaran.

Espirituwal na Pakikidigma

“At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso, kundi iligtas mo kami mula sa masama” – ang ating Proteksiyon

Ama, pinupuri kita para sa iyong proteksiyon.

Iyong sinabi, “Ang Panginoon ay tapat, at palalakasin ka Niya at iingatan ka mula sa Masama” (2 Tesalonica 3:3).

“Ayusin mo po ang aking mga hakbang ayon sa iyong Salita, at huwag hayaan ang anumang kalikuan ay manaig sa akin.” (Awit 119:133).

Tulongan mo po akong “iiwas ang aking mga paa mula sa bawat masamang landas, upang masunod ko ang iyong mga Salita” (Awit 119:101).

Ipinangako mo na habang patuloy kong sinusunod ang iyong Salita, ako ay lalakad sa kaayusan at kalayaan (Awit 119:44-45).

Ipahintulot mo po sa araw na ito, Asma, na ako’y maging malakas sa espirituwal sa iyo. Ito ang iyong kalooban para sa aking buhay. Sinabi po ninyo na “Maging matatag kayo sa Panginoon at sa kapangyarihan ng kanyang kalakasan” (Efeso 6:10).

Tulongan mo po ako, Ama, na isuot ang buong baluti ng Dios sa araw na ito upang ako’y makatindig ng matatag laban sa lahat ng estratehiya at panlilinlang ng Demonyo (Efeso 6:11).

Kailangan ko ang sinturon ng katotohanan upang tustusan ako, ang baluti ng katuwiran upang protektahan ako, at ang aking mga paa ay may suot na panyapak nang kahandaan kapwa upang sumunod at magbahagi ng ebanghelyo ng kapayapaan (Efeso 6:14,15).

Tulongan mo po ako na isuot ang kalasag ng pananampalataya bilang proteksiyon laban sa nag-aapoy na mga palaso ng Masama (Efeso 6:16).

Ingatan nawa ng helmet ng kaligtasan ang aking isipan at malaman kung paano gagamitin nang may katalinuhan ang espada ng Espiritu na siyang Salita ng Dios. (Efeso 6:17).

Pagpupuri at Pasasalamat

“Sapagkat sa iyo ang Kaharian, at ang Kapangyarihan, at ang Kaluwalhatian magpasawalang hanggan” – Tapusin sa Pagpupuri.

[Mag-focus sa posisyon ng Dios, kanyang kapangyarihan, kanyang karangyaan at kanyang kaluwalhatian. Bigyang lakas ang iyong puso sa pamamagitan ng pagpupuri.)

“Sa iyo, O PANGINOON, ang kadakilaan, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, at ang tagumpay, at ang kadakilaan: dahil ang lahat ng bagay sa langit at sa lupa ay sa inyo; sa inyo ang kaharian, O PANGINOON, at ikaw ay itataas bilang ulo ng lahat ng ito” (1 Cronica 29:11).

Iyong sinabi: “Magalak kayo sa PANGINOON, O kayo na matuwid: dahil ang papuri ay nararapat (naaangkop, nagpapaganda) sa matuwid” (Awit 33:1).

Iyong sinabi, “Sapagkat Ako ang PANGINOON, inyong Dios, na humahawak sa iyong kanang kamay at nagsasabi sa iyo, Huwag kang matakot; tutulongan kita” (Isaias 41:14).

Iyong sinabi, “Magalak kayong lagi sa Panginoon” (Filipos 4:4).

Iyong sinabi, “Kapag ikaw ay dumaan sa tubig, Kasama mo ako; at patawid sa mga ilog, at hindi sila makatatabon sa iyo; kapag ikaw’y lumakad sa apoy hindi ka masusunog, at ang apoy ay hindi tutupok sa iyo. Dahil Ako ang PANGINOON, mong Dios, ang Banal ng Israel, na iyong Tagapagligtas” (Isaias 43:2-3).

Pinupuri kita, “Dahil walang bagay na imposible sa Dios” (Lucas 1:37).

“O Panginoong DIOS! Mamangha, ginawa mo ang langit at ang lupa sa inyong dakilang kapangyarihan at nakaunat na kamay, at walang anumang mahirap para sa iyo.” (Jeremias 32:17).

“At ito ang pag-asa natin sa kanya, na, kung hihingin natin ang anuman ayon sa kanyang kalooban, pakikinggan niya tayo: At kung nalalaman natin na nakikinig siya sa atin, anuman ang ating hilingin, alam natin na mayroon tayong mga kahilingan na ninanais natin para sa kanya.” (1 Juan 5:13,14).

Sa Pangalan ni Jesus ito ang aking panalangin, Amen.

Biyernes

Pagsamba / Pagpupuri

"Ama Namin" –Ang Ating Kaugnayansa Dios

[Ang titulong "Ama" ay nagpapahiwatig ng hindi bababa sa dalawang ideya: (1) ang Tatlong Persona/Trinidad— Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Sa pananalangin ay pumapasok tayo sa buhay at pakikipag-ugnayan sa Tatlong Persona/Trinidad; at(2) ang ating pagiging bagong miyembro sa pamilya ng Dios.]

Sambahin ang Dios Ama

Minamahal naming Ama sa Langit: Pinupuri kita, O PANGINOON, dahil ikaw ang aking sanggalan; binibigyan mo ako ng karangalan at tagumpay (Awit 3:3).

Minamahal mo ako at nagmamalasakit sa akin nang higit pa sa aking nalalaman. Ang iyong salita ay nagsasabi, "Marami, O PANGINOON aking Dios, ang mga kahanga-hangang bagay na iyong ginawa, At ang iyong mga kaisipan para sa akin; Wala kang katulad. Kung susubukan kong ipahayag at sabihin ang mga iyon, Sobrang dami ng mga iyon, baka ako'y may malimutan." (Awit 40:5),

Tulongan mo akong mahal ka, Ama, ng aking buong puso, pag-iisip, kaluluwa, at kalakasan, dahil karapat-dapat ka ngang mahal. (Mateo 22:37).

Ang kasiyahan ko'y nasa iyo (Awit 37:4), nagagalak sa paglilingkod sa iyo (Awit 100:2), nais kong bigyang-lugod ka sa lahat ng bagay (2 Corinto 5:9), hinahanap ko ang aking kaligayahan sa iyo (Mateo 6:33), at ako'y nauhaw sa araw na ito para sa isang lubos na kasiyahan sa iyo (Awit 42: 1-2).

Dagdag sa utos na mahal ka, iniutos mo sa akin na "magkaroon ka ng takot sa PANGINOON mong Dios"(Deuteronomio 6:2, 13, 24).

Bigyan mo ako ng kakayahang magkaroon ng takot sa iyo, lumakad sa lahat ng iyong landas, ast maglingkod sa iyo nang buo kong puso, at buo kong kaluluwa" (Deuteronomio 10:12).

Salamat po sa Iyong pangako na pagpapalain ako kung aking masikap na susundin ang lahat mong kautusan (Deuteronomio 11:12-14).

Sambahin ang Dios Anak

Pinasasalamatang kita, Panginoong Jesus, na ibinigay mo ang iyong sarili para sa aking mga kasalanan (Galacia 1:4a).

Minahal mo ako at pinalaya ako mula sa aking mga kasalanan sa pamamagitan ng iyong dugo (Pahayag 1:5).

You have delivered me from the power of darkness and have transferred me into your Kingdom (Colossians 1:13).

Kalooban mo na ako ay mapapalaya mula sa nakasisirang kapangyarihan at makasalanang kaugalian sa kasalukuyang panahong ito ng kasamaan (Galacia 1:4b).

Sinasamba kita, Panginoong Jesus, dahil ikaw "ang daan, ang katotohanan, at ang buhay: walang makakapunta sa Ama maliban sa pamamagitan mo" (Juan 14:6).

Ikaw ang Tinapay mula sa Langit (Juan 6:41) at ang Tinapay ng Buhay; ang sinumang lumalapit sa iyo ay hindi kailanman magugutom at hindi kailanman mauuhaw (Juan 6:35).

Dumating ka upang ako ay magkaroon ng buhay, at taglayin iyon nang may kasaganahan (Juan 10:10).

Ang iyong mga daan, Panginoong Hesus ay matuwid (Awit 145:17), ang iyong salita ay walang hanggan (Awit 119:99), ang iyong kalooban ay hindi nagbabago, at ang iyong pag-iisip ay nasa akin (Awit 40:5)!

Ang iyong buklod ay pagmamahal (Colosas 3:14), ang iyong dalahin ay magaan (Mateo 11:30), at ang iyong kaloob sa akin ay masaganang buhay (Juan 10:10).

Hindi mo ako kailanman iiwan (Hebreo 13:5), ililigaw, kaliligtaan o kalimutan ako.

Kapag ako ay nadapa, itinatayo mo ako. Kapag ako'y nagkamali, pinatatawad mo ako (1 Juan 1:9).

Kapag ako ay nanghihina, ikaw ay malakas (2 Corinto 12:10). Kapag ako ay nalilito, ikaw ang daan (Juan 14:6).

Kapag ako ay natatakot, ikaw ang aking katapangan (Isaias 41:10).

Kapag ako'y nasasaktan, ikaw ang nagbibigay ng kaaliwan/kaginhawahan sa akin (2 Corinto 1:3-4).

Kapag ako'y nawawasak, ikaw ang nagpapagaling sa akin (Awit 147:3). Kapag ako'y nagugutom, ikaw ang nagpapakain sa akin (Awit 145:16).

Kapag ako'y humaharap sa mga pagsubok, ikaw ang nagpapalakas ng aking loob. Kapag nahaharap ako sa pag-uusig, ikaw ang nag-iingat sa akin.

Kapag mayroong nawawala sa akin, ikaw ang nagbibigay ng aking kailangan. Kapag ako'y nahaharap sa kamatayan, ikaw ang magdadala sa akin sa tahanan.

Ikaw ang lahat-lahat ng aking kinakailangan o ninanais. Ako'y sa iyo at ikaw ay sa akin. Hallelujah, kahanga-hangang Tagapagligtas!⁴

Sambahin ang Dios Espiritu Santo

Naisin ko at layunin na "lumakad sa Espiritu" ngayon (Galacia 5:25).

Kung paanong si Hesus ay napuspos ng Espiritu (Lucas 4:1) at lumakad sa kapangyarihan ng Espiritu (Lucas 4:14), puspusin at bigyang kapangyarihan ako ng Espiritu sa araw na ito.

Sa pamamagitan ng kapuspusan ng Espiritu sa aking buhay na ako ay nagkakaroon ng kakayahan at kapangyarihan na maging saksi ayon sa kagustuhan ni Hesus. (Mga Gawa 1: 8).

Tulongan mo akong maging sensitibo sa iyong paggabay, Banal na Espiritu.

Ama, Anak at Banal na Espiritu, pinupuri ko po kayo. Ikaw ang nag-iisang Ddios, na naghahayag ng iyong sarili sa tatlong Persona.

Ikaw ang Tatlo-sa-Iisa, pinakapinagpalang Trinidad. At, ikaw lamang ang tangi kong kailangan!

Nawa ay lagi kong tandaan: ang Banal na Trinidad ay IISAng Dios sa Trinidad at Trinidad na nagkakaisa.

Hindi nawa ako ikalito ang mga Persona, o hatiin ang Substance/Diwa ng Godhead/pagiging Dios.

"Gaya ng sa Langit" –Ang Pagiging Hari ng Dios

[Ang Langit ay isang lugar. Iyon ang kinalalagyan ng trono ng Dios. Gayunman hindi natin dapat isipin na ang presensiya ng Dios ay limitado lamang sa langit. Siya ay omnipresent ("matatagpuan sa lahat ng lugar" – Awit 139:7-12).

Gayunman, sinasabi na ang Dios ay higit ang presensiya sa ilang lugar kaysa sa iba. Ang katotohanan na ang Dios ay "nasa langit" ay nagpapakita na Siya ay hindi limitado sa mga pinagkukunan sa mundo. Siya ay pinakamakapangyarihan at nagtataglay ng walang hangganang pagkukunan/resources. Dagdag pa rito, ang "langit" ay nangangahulugan ng pagiging perpekto at nagpapaalala sa akin na ang Dios ay ang pagiging perpekto ng pagiging Ama.]

Amang nasa Langit, nagagalak ako sa katotohanan na "ang lahat ng hosts ng kalangitan ay nakatindig sa iyong tabi sa iyong kanang kamay at sa iyong kanan" (1 Hari 22:19).

⁴Hinango sa panalangin ni S. M. Lockridge

Sila ay nakahandang sumunod sa iyong mga kautusan (2 Cronica 18:18).

“Naghahari ka sa lahat ng kaharian sa mundo. Ang kapangyarihan at kalakasan ay nasa iyong kamay, at walang sinumang makahahadlang sa iyo” (2 Cronica 20:6).

Walang karunungan, walang pang-unawa, walang payo, ang maaaring makalaban sa iyo (Kawikaan 21:30).

Nagtatalaga ka ng mga tagapanguna at ibinabagsak mo sila (Daniel 2:21).

Ang katagumpayan ay nagmumula sa Panginoon (Awit 75:6).

“Sambahin ang Iyong Pangalan” – Ang Reputasyon ng Dios

[Ang mismong kalikasan ng Dios (ang lahat ng kung ano ang Dios at ang ginagawa niya) ay banal. Kapag inaangkin natin na tayo ay Kristiyano inaangkin natin ang isang relasyon sa Kanya sa pamamagitan ni Hesukristo. Dahil banal ang Dios, dapat tayong maging banal sa lahat ng ating mga saloobin at aksiyon (1 Pedro 1:15, 16). Naiimpluwensiyahan natin kung ano ang iniisip ng iba tungkol sa Kanya. Ang Kanyang reputasyon ay nasa ating mga kamay].

Ama, Iyong sinabi na “ibinukod mo na ang makadios para sa iyong sarili: maririnig ako ng PANGINOON kapag ako’y tumawag sa Kanya” (Awit 4:3).

Salamat po na naririnig mo ang aking mga panalangin.

Pahintulutan mo po na ngayon, sa iyong biyaya, makapamuhay ako nang makadios sa iyong paningin.

Iyong sinabi rin na ibinukod mo na ang iyong mga minamahal para sa iyong sarili, bilang iyong espesyal na mga pag-aari/treasure (Exodo 19:5). Namamangha ako na itinuring mo akong isang “treasure.” Huwag nawa kitang biguin.

Iyong sinabi na “Hayaan ninyong magliwanag ang inyong ilaw sa harap ng mga tao sa paraang makikita nila ang inyong mabubuting gawa, at luwalhatiin ang inyong Amang nasa langit” (Mateo 5:16).

Iyong sinabi “Anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo iyon nang buong puso, na para sa Panginoon at hindi para sa mga tao, yamang alam ninyo na tatanggapin ninyo mula sa Panginoon ang mamanahing gantimpala. Ang Panginoong si Jesucristo ang inyong pinaglilingkuran” (Colosas 3:23, 24).

Tulongan mo akong nagawa ito ngayon.

[Tandaan: Isa sa mga dahilan na tinuturuan tayo ni Hesus na manalangin sa ganitong paraan, ang pag-uukol ng 1/3 sa ating panahon ng pananalangin para sa kanyang pagiging Ama, ang kanyang posisyon sa langit, ang kanyang basnal na pangalan, ang kanyang kaharian, at kanyang kalooban ay upang wasakin tayo mula

sa ating pagtutuon ng atensiyon sa sarili kasama ang ating mga suliranin at mga pangangailangan.]

Intercession

“Dumating nawa ang Kaharian Mo” –ang Paghahari ng Dios

[Ang plano ng Dios mula sa walang hanggan ay ang itatag ang kaharian ng katuwiran at kabanalan sa mundo (Mateo 25:34). Ang pagtatatag ng kaharian ng Dios ay nagaganap sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay espirituwal. Naghahari ang Dios sa mga puso at buhay ng kanyang bayan (Colosas 1:13). Kapag tayo’y nananalangin “dumating nawa ang kaharian mo,” tayo’y nananalangin na ang mga tao ay maligtas at maging mga mamamayan ng Kaharian ng Dios (Mateo 9:35). Ang ikalawang bahagi ng pagdating ng Kaharian ay pisikal. Kapag dumating si Jesus sa ikalawang pagkakataon, bubuwagin Niya ang lahat ng pamahalaan sa mundo, at itatag ang kanyang sarili bilang Hari ng buong mundo (Daniel 2:44-45). Kapag ating ipinapanalangin “dumating nawa ang kaharian mo,” sa isang kahulugan, tayo ay nasasabik na hinihintay ang ikalawang pagdating ni Hesus (Pahayag 22:20).]

Ipagkaloob mo na sa pamamagitan ng iyong biyaya magkakaroon ako ng parehong saloobin ni Cristo, “na habang nasa anyo ng Dios, hindi niya itinuring ang pagiging kapantay ng Dios ay isang angkinin sa kanyang sarili, kundi ginawa niya ang kanyang sarili na walang halaga—hindi niya inangkin ang kanyang mga karapatan, o sinundan ang kanyang sariling mga kasiyahan—kundi ibinaba niya ang sarili at naging masunurin hanggang sa kamatayan” (Filipos 2:5,6).

Tulongan mo akong sa araw-araw ay isukos ang aking mga karapatan sa iyo, Panginoon, at gayunman ay maging matapat na tuparin ang aking mga tungkulin at bigyan ka ng kaluguran.

Ang iyong Kaharian ay isang espirituwal na kaharian sa mga puso ng mga lalaki at babaeng ipinanganak na muli. (Lucas 17:21).

Nawa’y patuloy na lumago ang iyong Kaharian habang higit pang maraming tao ang nakakikilala sa iyo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.

Pagpalain mo po, palakasin at bigyang lakas ng loob ang lahat ng tagapagturong Kristiyano sa pampubliko at pribadong mga paaralan upang sila say magpatotoo sa biyaya at pag-ibig ng Dios.

Ipinangako mo na, “Tumawag kayo sa akin, at kayo ay ay Aking sasagutin, at ipapakita ko sa inyo ang mga dakila at makapangyarihang mga bagay, na hindi pa ninyo nalalaman” (Jeremias 33:3).

[Ipanalangin ang mga Taong hindi pa ligtas.]

Panalangin ko si (banggitin ang pangalan ng mga taong hindi pa ligtas)...upang maligtas.

Ama, ilapit mo po sila kay Hesus (Juan 6:44). Pagkalooban mo po sila ng puso ng pagsisisi. Likhain mo po sa kanila ang pagkagutom at pagkauhaw para sa iyo.

O, Dios, habang sila ay masaya sa kasalanan, hindi nila mararamdaman ang kanilang pangangailangan para sa iyo. Samakatuwid, loobin mo nga po na ang kasiyahan nila sa kasalanan ay maging abo at alabok sa kanilang mga bibig. Bakuran at protektahan mo nga sila sa inyong kalooban at inyong daan (Hosea 2:8,9).

Dalhin mo nga po ang mga tamang tao sa kanilang buhay na tutulong sa kanila na malaman kung paano maliligtas.

Gapusin po ninyo ang mga kapangyarihan ng kadiliman na umaalipin sa kanila at buksan ang kanilang mga mata sa kanilang pangangailangan sa iyo.

Mangyari nawang malapit na ang araw ng kanilang kaligtasan.

"Maganap nawa ang Kalooban mo Dito sa lupa Para nang sa Langit" – ang Tuntunin ng Dios

[Itinuturo sa atin ng petisyong ito na maging higit na nag-uukol ng astensiyon upang matupad ang kalooban ng Dios sa ating mga buhay kaysa sa ating mga plano at kagustuhan ang siyang matupad. Kapag ang ating mga naisin ay hindi kasang-ayon sa kanyang kalooban, dapat nating hilingin sa Dios na baguhin ang ating mga naisin. Ang kanyang kalooban ay dapat nating tuparin kagaya ng ginagawa ng mga anghel sa langit—nananabik at may kagalakan. Daspat tayong magpasakop sa awtoridad ng kanyang Salita.]

Sinasabi mo sa akin na "katulad ng mga batong bubhay, dapat kong hayaan ang aking sarili na matayo sa isang bahay na espirituwal. Ako ay isang miyembro ng isang banal na espirituwal na pagkasaserdote, upang mag-alay ng mga espirituwal na sakripisyo na katanggap-tanggap sa Dios sa pamamagitan ni Cristo Jesus."(1 Pedro 2:5)

Dapat kong ihandog ang mga sumusunod na espirituwal na mga sakripisyo sa iyo: (1) ang sakripisyo ng pasasalamat (Awit 116:17); (2) ang aking katawan bilang isang haing buhay (Roma 12:1); (3) ang sakripisyo ng mabubuting mga gawa (Hebreo 13:16); (4) ang sakripisyo ng pagbabahagi sa iba ng kung ano ang mayroon ako (Hebreo 13:16); at (5) ang sakripisyo ng nagpapatuloy na pagpupuri sa Dios, na, ang bunga ng aking mga labi ay pagbibigay pasalamat sa iyong pangalan (Hebreo 13:15).

Ako ay kabilang sa “bayang pinili, maharlikang saserdote, isang banal na bansa, bayang pag-aari ng Dios, upang aking maipahayag ang makapangyarihang mga gawa Niya na tumawag sa atin mula sa kadiliman patungo sa kanyangkamanghamanghang kaliwanagan”(1 Pedro 2:9).

Iyong sinabi sa akin na “magalak kayo magpasawalang-hanggan, manalangin nang walang tigil, ipagpasalamat ang lahat ng bagay, dahil ito ang kalooban ng Dios kay Cristo Hesus para sa atin”. (1 Tesalonica 5:16-18).

Iyong sinabi rin, na dapat akong “laging magpasalamat sa lahat ng bagay sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo sa Dios, gayundin sa Ama: (Efeso 5:20).

Tulungan mo po akong gawin ito ngayon.

Pagssumamo

“Bigyan mo Kami ng Makakain sa Araw-araw” – Ating mga Pangangailangan/Resources

[Ang Dios ay may di nauubos na mapagkukunan. Naroroon sila upang magamit natin. Hilingin sa Kanya na tugunan ang iyong pisikal, pinansyal, emosyonal, at mental na mga pangangailangan.]

Mahal naming Ama, Iyong sinabi na kung uunahin kong hanapin ang iyong kaharian at ang iyong katuwiran—kung uunahin kita sa aking buhay—ipagkakaloob mo ang lahat ng aking materyal na pangangailangan Mateo 6:33).

Ama, patawarin mo po ako kung ako’y bumubulong-bulong o nagrereklamo tungkol sa aking mga kalagayan.

Kapag hindi ako nauunawaan ng mga tao o sila ay hindi nagiging mabuti sa akin, tulungan mo akong alalahanin na “ang alipin/lingkod ay hindi higit sa kanyang Panginoon” (Juan 15:20). Maging si Hesus ay hindi rin naunawaan at inabuso.

Patawarin mo rin ako, sa pag-aalala tungkol sa hindi ko nalalamang kinabukasan.

Iyong sinabi, “Hindi ka dapat mag-alala tungkol sa anumang bagay, ngunit sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng panalangin at kahilingang may pasasalamat ay ipaalam sa inyo ang aking mga kahilingan.” (Filipos 4:6)

Ipinangako mo na kung gagawain ko ito “ang kapayapaan ng Dios, na hindi kayang abutin ng lahat ng pang-unawa, ang siyang magbabantay (papaligid) sa aking puso at aking isipan kay Cristo Hesus.” (Filipos 4:7).

Pinasasalamatan kita para sa iyong pangako: “Ngunit ang aking Dios ang siyang magkakaloob ng lahat ng iyong pangangailangan mula sa kanyang maluwalhating kayamanang hindi mauubos kay Cristo Hesus”. (Filipos 4:19).

Pinasasalamatán kita para sa pagpapalang pinansiyal na ibinigay mo sa akin.

Tulongan mo akong unahin ka sa aking mga pananalapi at lagi kang parangalan sa mga unang bunga ng aking mga kinikita sa pamamagitan ng matapat na pag-iikapu (Kawikaan 3:9,10).

Idinadalangin ko ang (anumang kinakailangan mo na ayon sa kalooban ng Dios para sa iyo).

Tulongan mo akong alalahanin at maging mapagpasalamat para sa lahat ng ginawa mo na!

Idinadalangin ko rin(ang iba na nangangailangan sa buong mundo).

Idinadalangin ko rin ang mga nakaupo sa iba't-ibang posisyon sa lokal, pambayan at pambansang pamahalaan. Dalangin ko na gagabayan mo sila ng mga prinsipyo ng iyong mga Salita. Ipagkaloob mo na parangalan ka nila at mamamayani ang pagiging matuwid. Biguin mo ang mga layunin ng kasamaan at matupad nawa ang iyong kalooban. Loobin mo na "mamuhay kami nang matahimik at mapayapang buhay nang buong kabanalan at katapatan" (1 Timoteo 2:2).

Pagpapahayag / Pakikipagkasundo

"At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkasala sa amin" - Pakikipagkasundo

[Ang pagpapahayag/pagkukumpisal ay isang gawain ng pagbababa sa sarili. Ito ay isang pagkilala sa pangangailangan sa biyaya at tulong ng Dios. Kung maayos na naiaalay, ipinapahayag nito ang pagnanais sa espirituwal na paglago. Ang pagkukumpisal ay ang pakikiisa sa pananaw ng Dios at saloobin tungkol sa kamalian o pangangailangang mabago sa iyong buhay. Ang pagkukumpisal ay ang pagtanggap ng personal na pananagutan para sa iyong mga pinipili nang hindi alintana kung paano ka tinatrato ng ibang tao.]

"Siyasatin mo ako, O Dios, at alamin ang aking pusop: subukin mo ako, at alamin ang aking mga isipin: At tingnan mo kung mayroong anumang kasamaan sa aking mga daan, at akayin ako sa daan magpasawalang hanggan" (Awit 139:23,24).

Iyong sinabi, "Kung patatawarin mo ang mga tao sa kanilang mga kasalanan, patatawarin ka rin ng iyong Ama sa langit. Ngunit kung hindi mo patatawarin ang mga tao sa kanilang mga kasalanan, hindi rin patatawarin ng Ama ang iyong mga kasalanan" (Mateo 6:14,15).

Iyong sinabi, "Kapag ikaw ay nakatindig na nananalangin, kung mayroon kang anumang kimkim na masama laban sa sinuman, patawarin mo siya, upang patawarin ng iyong Amang nasa langit ang iyong mga kasalanan" (Marcos 11:25).

Ama, ibalik mo po sa aking isipan ang sinumang hindi ko pa pinatatawad.

Ipagkaloob mo sa akin ang biyaya na patawarin ang bawat taong nagkasala laban sa akin, o nakasakit sa akin o ang mga taong aking pinangangalagaan.

Linisin mo ako sa lahat ng kapaitan, maling kalooban o paghihinakit laban sa kanila.

Ama, ipinapahayag ko po ang aking pangangailangan na magkaroon ng mas malapit na paglakad sa iyo at makalikha ng isang mabilis na pagsunod sa mga pagpapaalala at pagtutuwid ng Espiritu.

Nagpapasalamat po ako, Ama, na kayo "ay mabuti, at handang magpatawad; at sagana sa kaawaan sa lahat ng tumatawag sa iyo" (Awit 86:5).

"Kung ikaw, PANGINOON, ay magmamarka ng mga pagkakamali, sino ang makatitindig?" (Awit 130:3)

Salamat sa pagpapatawad mo sa aking mga kasalanan.

Inalis mo ang mga iyon "Kasinlayo ng silangan sa kanluran" (Awit 103:12).

Itnapon mo na ang mga iyon sa iyong likuran (Isaias 38:17), upang hindi na iyon muling alalahanin pa. (Jeremias 31:34).

Pinasasalamatan po kita sa iyong kaawaan at kapatawaran.

Espirituwal na Pakikidigma

"At huwag mo po kaming ipahintulot na maakay sa tukso, kundi iligtas kami mula sa masamas" – ang ating Proteksiyon

Ama, Iyong sinabi, "Pinagpala ang mga taong walang dungis sa kanilang mga daan, ang mga lumalakad sa batas ng PANGINOON. Mapalad sila na tumutupad sa iyong mga patotoo, at hinahanap ka ng buo nilang puso" (Awit 119:1,2).

Tulongan mo askong hanapin ka sa araw na ito, nang buo kong puso.

Iyong sinabi na sila na humahanap sa iyo ng buo nilang puso ay "hindi nagkakasala: sila ay lumalakad sa iyong mga daan" (Awit 119:3).

Ipagkaloob mo sa araw na ito, Ama, na ako'y maging malakas sa espirituwal sa iyo. Ito ang iyong kalooban para sa aking buhay.

Tulongan mo po akong lumayo sa mga bagay na alam kong makasasama sa akin sa espirituwal (2 Timoteo 2:22).

Sa mga bahagi ng aking kahinaan, bantayan mo ako laban sa mga tukso na nakadisenyo upang ako ay matalo.

Iyong sinabi, "Maging malakas kayo sa Panginoon at sa kapangyarihan ng kanyang kalakasan" (Efeso 6:10).

Maalala ko nawa na ang aking mga pakikipaglaban ay hindi laban sa mga tao, kundi laban sa mga pinuno, sa mga maykapangyarihan, sa mga tagapamahala ng kadilimang umiiral sa sanlibutang ito, at sa mga hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid" (Efeso 6:11,12).

Tulungan mo po ako, Ama, na isuot ang buong kasuotang pandigma mula sa Dios upang ako'y makatayong matatag laban sa mga estratehiya at mga lalang ng Demonyo (Efeso 6:13).

Sinabi mo, "Tumayo kayo ng matatag, isuot ang sinturon ng katotohanan sa inyong bewang" (Efeso 6:14a).Tulungan mo po akong lubusang maging makatotohanan sa araw na ito sa lahat ng aking mga pakikipag-ugnayan.

Iyong sinabi, " Isuot ninyo ang kalasag ng pagiging matuwid" (Efeso 6:14b). Tulungan mo po askong maging matuwid at banal sa lahat ng aking ginagawa.

Iyong sinabi na dapat kong isuot bilang sapatos ang pagiging handa sa pangangaral ng Magandang Balita na nagbibigay ng kapayapaan (Efeso 6:15). Tulungan mo akong tumayo sa katotohanan at makita ang mga pagkakataon upang ibahagi sa iba ang Ebanghelyo ni Hesus.

Iyong sinabi, "Gamitin ninyo bilang panangga ang pananampalataya para hindi kayo tablan ng mga panunukso ni Satanas na parang mga palasong nagliliyab" (Efeso 6:16). Kapag ako ay tinutukso, pahintulutan nyo nawang di ako mabigo ng aking pananampalataya.

Dapat kong isuot bilang helmet ang tinanggap ninyong kaligtasan (Efeso 6:17). Nawa ay mabihag ang lahat ng isipan upang matutong sumunod kay Kristo Hesus (2 Corinto 10:5).

Dapat kong matutunan na gamitin bilang espada ang Salita ng Dios (Efeso 6:17). Tulungan mo akong itago sa aking puso ang inyong Salita upang hindi ako magkasala laban sa iyo (Awit 119:11).

Papuri at Pasasalamat

"Sapagkat Sayo ang Kaharian, at ang Kapangyarihan, at ang Kaluwalhatian magpakailanman" –Magtapos sa Papuri.

[Ituon ang isipan sa katayuan ng Dios, kanyang kapangyarihan, kanyang kadakilaan at kaluwalhatian. Pasiglahin ang iyong puso ng papuri.]

Pinupuri kita Panginoon, dahil ikaw "ang Walang Hanggang Dios, ang PANGINOON, ang Lumikha ng buong mundo. Hindi ka napapagod o nang hihina at walang makakaarok ng iyong isip" (Isaias 40:28).

"Siya'y nagbibigay ng lakas sa mahina, at ang walang kapangyarihan ay pinananagana niya sa kalakasan" (Isaias 40:29).

"Kahit ang mga abataan ay napapagod, nanlulupaypay at nabubuwal, ngunit ang mga nagtitiwala sa PANGINOON ay muling magkakaroon ng lakas. Lilipad sila gaya ng isang agila. Tumakbo man sila ay hindi mapapagod. Lumakad man sila ay hindi manghihina" (Isaias 40:30,31).

Iyong sinabi, "Huwag kang mangamba dahil ako ang iyong Dios. Palalaksin kita at tutulungan. Iingatan kita sa pamamagitan ng aking kapangyarihan na siya ring makapagliligtas sa iyo" (Isaias 41:10).

Iyong sinabi, "Ang mga bagay na hindi kayang gawin ng tao ay kayang gawin ng Dios" (Lucas 18:27).

"May lakas-loob tayong lumapit sa kanya dahil alam nating ibibigay niya ang anumang hingin natin kung ito'y naaayon sa kanyang kalooban. At dahil alam nating pinapakinggan nga niya tayo, alam din nating ibinibigay niya ang bawat hinihiling natin sa kanya" (1 Juan 5:14,15)

Sa Pangalan ni Hesus, ito ay aking dalangin, Amen

Sabado

Pagsamba / Pagpupuri

“Ama Namin” –Ang Ating Kaugnayansa Dios

[Ang titulong “Ama” ay nagpapahiwatig ng hindi bababa sa dalawang ideya: (1) ang Tatlong Persona/Trinidad— Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Sa pananalangin ay pumapasok tayo sa buhay at pakikipag-ugnayan sa Tatlong Persona/ Trinidad; at(2) ang ating pagiging ampon bilang bahagi sa pamilya ng Dios.]

Sambahin ang Dios Ama

Aming Ama na nasa Langit:

Salamat na kamiy naging ganap sa pamamagitan ng pakikipag-isa sa iyo, na siyang pangulo ng lahat ng pamunuan at kapangyarihan (Colosas 2:10).

Iyong sinabi, “Kung pinabayaan ako ng aking ama at ina, ang PANGINOON ang sa akin ay mag-aaruga” (Awit 27:10).

Bilang aking Ama, ikaw ang Nagkakaloob, aking Tagapagtanggol, aking Tagapagtaguyod, aking Kalakasan, aking Manunubos, aking Patnubay, aking Dios, at ang Matibay na pundasyon ng aking Kaligtasan (Awit 89:26).

Ikaw ang Alpha at Omega, ang Pasimula at ang Wakas (Pahayag 1:8).

Ang iyong pangalan ay mula sa buhat noon pang pasimula (Isaias 63:16).

“Ang lahat ng mabuti at ganap na kaloob ay buhat sa Dios, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa kalangitan. Hindi siya nagbabago, o nagdudulot ng bahagya mang dilim dahil sa pagbabago” (Santiago 1:17).

Salamat sa pagiging pareho, kahapon, ngayon, at magpakailanman (Hebreo 13:8).

Nawa’y maunawaan ko, pahalagahan, pasalamat, at ikagalak sa bawat araw na ikaw lang ang kailangan ko!

Sambahin ang dios anak

Sinasamba kita Panginoong Hesus, sapagkat ikaw ang binanggit ni Isaias nang sabihin niyang, “Sapagkat isinilang ang isang sanggol na lalaki para sa atin: Ibibigay sa kanya ang pamamahala; at siya ay tatawaging Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang Hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan” (Isaias 9:6).

Ikaw ang Banal na Dios (Marcos 1:24), ang Anak ng Kataas-taasang Dios (Lucas 1:32).

Ikaw ang Kordero ng Dios (Juan 1:29) at ang Punong Pastol ng iyong mga tupa (1 Peter 5:4).

Ikaw ang Pinagmumulan ng buhay (Gawa 3:15), at ang May-akda at Tagapagtapos ng ating pananampalataya (Hebreo 12:2).

Ikaw ang Panginoong Dios na Makapangyarihan (Pahayag 15:3), ang Hari ng mga hari, at ang Panginoon ng mga panginoon (Pahayag 19:16).

Ikaw ang Liwanag ng Sanlibutan (Juan 8:12), at ang maningning na bituin sa umaga (Pahayag 22:16).

Ikaw lamang ang kailangan ko!

Iyong ipinangako, Panginoong Hesus, na kung ako ay mananatili sa iyo, ikaw ay mananatili sa akin, at ako'y magbubunga ng sagana; sapagka't kung wala ka, wa akong magagawa (Juan 15:5).

Nawa'y luwalhatiin ka ngayon sa aking buhay, sa akin gag-iisip, sa aking mga pag-uugali, at sa aking mga pagkilos.

Sambahin ang Dios Espiritu Santo

Mabiyayang Espiritu Santo, ipagkaloob mo nawa na hindi ako magrebelde sa iyong pamumuno at hindi kita mabigyan nang anumang kapighatian (Isaias 63:10).

Iyong sinabi, "Huwag ninyong saktan ang kalooban ng Espiritu Santo, sapagkat siya ang tatak ng Dios sa inyo, ang katibayan na kayo'y tutubusin pagdating ng takdang araw" (Efeso 4:30).

Nagpapasalamat ako sa iyo, Banal na Epsiritu, na ikaw ang aking Guro at Tagapagpaalala (Juan 14:26).

Ikaw ang Espiritu ng Katotohanan (Juan 14:17).

Tulungan mo akong mahalín ang katotohanan at palaging magsalita ng katotohanan sa diwa ng pag-ibig (Efeso 4:15).

Ikaw ang Espiritu ng karunungan at pang-unawa, ang Espiritu ng mabuting payo at kalakasan, ang Espiritu ng kaalaman at pagsunod at paggalang sa Panginoon" (Isaias 11:2)

Pararangalan niya ako sapagkat tatanggapin ng Espiritu mula sa akin ang ipahahayag niya sa inyo (Juan 16:14).

“Gaya ng sa Langit” –Ang Kaluwalhatian ng Dios

[Ang langit ay isang lugar. Dito matatagpuan ang trono ng Dios. Gayunpaman, hindi natin dapat isipin na ang presensya ng Dios ay limitado sa langit. Siya ay nasa lahat ng dako (“sa lahat ng lugar” - Awit 139:7-12). Gayunpaman, sinasabing *mas naroroon* ang Dios sa ilang lugar kaysa sa iba. Ang katotohanan na ang Dios ay “nasa langit” na nagpapahiwatig na Siya ay hindi limitado sa mga lugar sa lupa. Siya ay makapangyarihan at walang limitasyon ang kanyang kapangyarihan. Dagdag pa rito, “ang langit” ay nagsasalita ng pagiging perpekto at nagpapaalala sa akin na ang Dios ay nagpapakita kung ano ang perpekto pagka-Ama.]

“Pupurihin ko ang PANGINOON. PANGINOON kong Dios, kayo ay dakila sa lahat. Nadadamitan kayo ng kadakilaan at karangalan”(Awit 104:1).

“Nababalutan kayo ng liwanag na parang inyong damit. At inilaladlad n’yo na parang tolda ang langit”(Awit 104:2).

“Itinayo n’yo ang inyong tahanan sa itaas pa ng kalawakan. Ginawa n’yo ang mga alapaap na inyong sasakyan. At inililipad ng hangin habang kayo’y nakasakay”(Awit 104:3).

Pinupuri kita, Ama, na sa kabila ng iyong pagiging mataas at dakila, pinili mong magkaroon ng personal na kaugnayan sa akin. “Ikaw aypalagi kong kasama at inaka’y n’yo ako”(Awit 73:23).

“Ginagabayan ako ng inyong mga payo, at pagkatapos ay tatanggapin n’yo ako bilang isang pangunahing pandagal. Walang sinuman sa langit ang kailangan ko kundi kayo lamang. At walang sinuman sa mundo ang hinahangad ko maliban sa iyo”(Awit 73:24,25).

“Sambahin ang Iyong Pangalan” – Ang Reputasyon ng Dios

[Ang mismong katangian ng Dios (lahat ng kanyang ginawa at ang lahat ng kanyang katangian bilang Dios) ay banal. Kapag inaangkin natin na tayo ay isang Kristiyano ay inaangkin rin natin ang isang relasyon sa Kanya sa pamamagitan ni Kristo Hesus. Dahil ang Dios ay banal, dapat tayong maging banal sa lahat ng ating pag-uugali at pagkilos (1 Pedro 1:15,16). Nakakaimpluwensya tayo sa iniisip ng iba tungkol sa Kanya. Nasa ating mga kamay ang kanyang reputasyon.]

Iyong sinabi sa Kasulatan, “Italaga ninyo ang inyong sarili para sa akin at magpakabanal kayo dahil ako ang PANGINOON na iyong Dios (Levitico 20:7).

Ama, tulungan mo akong mamuhay ngayon sa paraang hindi makakabawas sa iyong kabanalan. Ang iyong reputasyon ay nasa aking mga kamay dahil inaangkin ko na ako ay isang Kristiyano. Nawa’y huwag akong magdulot ng karumihan sa

iyong banal na pangalan sa pamamagitan ng anumang bagay na aking gagawin o sasabihin (Roma 2:14).

Nawa'y makita ng mga tao ang iyong kabanalan — mga pag-uugali at pagkilos na katulad ni Kristo— na nagniningning sa aking buhay, sapagkat iyo ay iniutos mo sa akin, "Magpakabanal kayo sa lahat ng inyong ginagawa" (1 Pedro 1:15).

Pamamagitan

"Dumating Nawa ang Iyong Kaharian" – Paghahari ng Dios

[Ang plano ng Dios mula sa kawalang-hanggan/eternity ay ang magtatag ng matuwid at banal na kaharian dito sa lupa (Mateo 25:34). Ang pagtatatag ng kaharian ng Dios ay nangyayari sa dalawang yugto. Ang unang bahagi ay espirituwal. Naghahari ang Dios sa puso at buhay ng kanyang mga mamamayan (Colosas 1:13). Kapag nananalangin tayo ng "dumating nawa ang iyong kaharian," ipinapanalangin natin na maligtas nawa ang mga tao at maging mga mamamayan ng Kaharian ng Dios (Mateo 9:35). Ang ikalawang bahagi ng pagdating ng Kaharian ng Dios ay sa pisikal. Kapag dumating muli si Hesus sa ikalawang pagkakataon, Kanyang aalisin ang lahat ng pamahalaan sa lupa, at itatatag ang kanyang sarili bilang Hari ng buong mundo (Daniel 2:44-45). Kapag nananalangin tayo na "dumating nawa ang iyong kaharian," sa ganitong diwa, buong pananabik nating inaasahan ang ikalawang pagparito ni Hesus (Pahayag 22:20).]

Itinuro mo sa amin, O Panginoon, na "hintayin yaong mapalad na pag-asa at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Dios at Tagapagligtas na si Kristo Hesus" (Tito 2:13).

Nangako ka sa mga nagmamahal sa iyo at lumalakad sa iyong katotohanan, na kung si Hesus ay mahayag "tayo'y magiging katulad niya: sapagka't siya'y ating nakikitang gaya ng kaniyang sarili." At ipapahayag, "na sinumang mayroon ng pag-asang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman niyang malinis" (1 Juan 3:2,3).

Tulongan mo akong maging dalisay sa aking mga iniisip, salita, at motibo sa araw na ito.

Ang iyong Kaharian ay isang espirituwal na kaharian sa puso ng mga lalaki at babae na ipinanganak na magmuli.

Nawa'y lumago pa ng husto ang iyong Kaharian habang mas marami pang tao ang nakakakilala sa inyo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.

Pagpalain, palakasin, at hikayatin ang lahat ng mga mangangaral na kumikilos para sa iyo sa iba't ibang ministeryo sa buong mundo.

[Ipanalangin ang mga taong hindi pa naliligtas.]

Ipinapanalangin ko... (pangalanan ang mga hindi pa naliligtas)... na maligtas.

O Dios, hangga't masaya sila sa kasalanan, hindi nila mararamdaman ang kanilang pangangailangan para sa iyo. Kaya't, gawin mong abo at alabok sa kanilang bibig ang kasiyahan ng kasalanan. Ipasakop mo sila sa iyong kalooban at sa iyong paraan (Hosea 2:8,9).

Dalhin mo nawa ang mga tamang tao sa kanilang buhay na tutulong sa kanila na malaman kung paano sila maliligtas.

Bigkisin ang mga kapangyarihan ng kadiliman na umaalipin sa kanila at buksan ang kanilang mga mata sa kanilang pangangailangan sa iyo.

Nawa'y malapit na ang araw ng kanilang kaligtasan.

"Magyari nawa ang Iyong Kalooban sa lupa gaya ng sa langit" –Paghahari ng Dios

[Ang petisyon na ito ay nagtuturo sa atin na mas mag-alala tungkol sa kalooban ng Dios na matupad sa ating buhay kaysa sa ating mga plano at mga naising matupad. Kung ang ating mga hangarin ay hindi naaayon sa kanyang kalooban, dapat nating hilingin sa Dios na baguhin niya ang ating mga hangarin. Ang kanyang kalooban ay dapat nating gawin gaya ng ginagawa ng mga anghel sa langit— nang may pananabik at kagalakan. Dapat tayong magpasakop sa awtoridad ng kanyang Salita.]

Iyong sinabi na dapat kong suriing mabuti ang lahat ng bagay at panghawakan lamang ang mabuti (1 Tesalonica 5:21).

Ako ay dapat umiwas sa bawat anyo ng kasamaan (1 Tesalonica 5:22).

Dapat kong hayaan na pakabanalin akong lubos ng Dios na siyang nagbibigay ng kapayapaan (nag lubusan, ganap araw-araw), At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo kong pagkatao – ang espiritu, kaluluwa at katawan- hanggan sa pagbabalik ng ating Panginoong Hesu-Kristo (1 Tesalonica 5:23).

Ipinangako mo sa akin na gagawin ito ng Tapat na Dios na tumawag sa akin upang maging ganap na banal kung makikipagtulungan ako sa Kanya (1 Tesalonica 5:24).

Nawa'y lubusan akong pabanalin sa aking buhay araw-araw habang ako ay patuloy na nagpapasakop sa iyong kalooban.

[Tandaan: Ang isa sa mga dahilan kung bakit itinuro sa atin ni Hesus na manalangin ng ganito— ang paglalaan ng 1/3 ng ating oras ng panalangin sa kaniyang pagiging Ama, sa kanyang posisyon sa langit, sa kaniyang banal na

pangalan, kanyang kaharian, at kanyang kalooban— ay upang alisin sa ating ang pagkamakasarili (sa ating mga problema at pangangailangan).

Pagsusumamo

“Bigyan mo Kami ng Makakain sa Araw-araw” – Ating mga Pangangailangan/Resources

[Ang Dios ay may di nauubos na mapagkukunan. Naroroon sila upang magamit natin. Hilingin sa Kanya na tugunan ang iyong pisikal, pinansyal, emosyonal, at mental na mga pangangailangan.]

Aming Ama, iyong sinabi na kung hahanapin ko muna ang iyong kaharian at iyong katuwiran— kung uunahin kita sa aking buhay— ay ibibigay mo ang lahat ng aking materyal na pangangailangan (Mateo 6:33).

Iyong sinabi, “Binuhay kayong muli kasama ni Kristo, kaya sikapin ninyong makamtan ang mga bagay na nasa langit kung saan naroon si Kristo na nakaupo sa kanan ng Dios”(Colosas 3:1).

Dapat kong ituon ang aking isip sa mga bagay na makalangit, at hindi sa mga makamundong bagay (Colosas 3:2). Tulungan mo akong gawin ito.

Ama, patawarin mo sana ako sa pagbulong-bulong o pagrereklamo tungkol sa aking kalalagayan. Naging mas mabuti ka sa akin kahit hindi ako karapat-dapat para ito’y aking tanggapin.

Nagpapasalamat ako sa iyong ipinangako na, “Ipagkakaloob ng Dios ang lahat ng iyong pangangailangan ayon sa kaniyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Kristo Hesus” (Filipos 4:19).

Nagpapasalamat ako sa iyong pagpapala sa aking emosyonal, mental, pisikal at espirituwal na kalusugan.

Ipinapanalangin ko... (anumang bagay na alam mong kailangan mo na naaayon sa kalooban ng Dios para sa iyo).

Tulungan mo akong maalala at magpapasalamat sa lahat ng iyong ginawa!

Ipinapanalangin ko... (ang mga taong nangangailangan sa buong mundo).

Ipinapanalangin ko ang mga may posisyon sa lokal, estado, at pambansang pamahalaan. Ipinapanalangin ko na patnubayan mo sila sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng iyong Salita. Ipagkaloob mo ito ng parangalan ka nila at maghari ang iyong katuwiran. Mangyaring biguin ang mga layunin ng kasamaan at nawa’y matupad ang iyong kalooban. Ipagkaloob mo na “makapamuhay kami ng tahimik at mapayapa na may kabanalan at katapatan” (1 Timoteo 2:2).

Pagtatapat / Pakikipagkasundo

“At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, gaya ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin” - Pakikipagkasundo

[Ang pagtatapat ay isang pagkilos ng pagpapakumbaba. Ito ay isang pagkilala sa pangangailangan ng biyaya at tulong ng Dios. Sa wastong pag-aalok, ito ay nagpapahayag ng pagnanais para sa espirituwal na pagpapabuti. Ang pagtatapat ay ang pagtanggap sa pananaw at saloobin ng Dios sa kung ano ang mali o kailangang baguhin sa iyong buhay. Ang pagtatapat ay ang pag-amin sa personal na pananagutan para sa iyong mga pagpili at saloobin anuman ang pakikitungo sa iyo ng ibang tao.]

“Siyasatin mo ako, O Dios, at alamin ang nasa aking puso: subukin mo ako, at alamin mo ang aking mga pag-iisip: tingnan mo kung may masamang pag-uugali, at patnubayan mo ako sa daang dapat kong tahakin magpakailanman” (Awit 139: 23-24).

Iyong sinabi sa amin: “Lahat tayo ay madalas magkamali. Kung mayroon mang hindi nagkakamali sa pananalita niya, isa siyang taong ganap at may kakayahang pigilin ang kanyang sarili” (Santiago 3:2).

Ang aking dila ay isang maliit na bahagi ng aking katawan, ngunit maaari itong gumawa ng napakalaking pinsala. Iyong sinabi na ang dila ay parang apoy (Santiago 3:5,6).

Tulungan mo akong huwag gamitin ang aking dila sa mga nakakapinsalang paraan, o mga paraan na hindi mo ikalulugod.

Iyong sinabi sa amin “Ipagtatapat ninyo sa isa’t isa ang mga pagkakamali nyo (mga kasalanan sins) at ipanalangin ang isa’t isa para gumaling kayo. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid”(Santiago 5:16).

Ama, Ipinagtatapat ko ang aking pangangailangan na magkaroon ng higit na pagiging sensitibosa ibang mga tao at isang mas malaking kakayahang ipahayag ang pagmamahal ni Kristo sa kanila.

Nagpapasalamat ako sa iyo Ama, na ikaw ay “tunay na napakabuti at mapagpatawad, at puno ng pag-ibig sa lahat ng tumatawag sa inyo”(Awit 86:5).

Salamat sa pagpapatawad mo sa aking kasalanan.

Sasama ako sa Salmista na ipapahayag na, “Purihin ang PANGINOON, O aking kaluluwa: at lahat ng nasa aki’y magsipagpuri sa kanya, purihin mo sa tuwina ang banal na ngalan niya.Purihin ang PANGINOON, O aking kaluluwa, aat huwag mong kaliligtaan, mabubuti niyang gawa. Ang lahat kong kasalana’y siya ang

nagpatawad, at anumang aking sakit. Inililigtas niya ako sa kapahamakan, at pinagpapala ng kanyang pag-ibig at habag. Pinagkakalooban niya ako ng mga mabubuting bagay habang ako'y nabubuhay; kaya ako'y parang nasa aking kabataan at malakas tulad ng agila"(Awit 103:1-5).

Espirituwal na Pakikidigma

"At huwag mo kaming hayaang mahulog sa tukso, at iligtas mo kami sa masama" – ating Proteksyon

Tulungan mo akong magtiwala sa iyo nang buong puso at huwag manalig sa aking sariling karunungan. Tulungan mo ako na alalahanin ka sa lahat ng aking ginagawa (ang iyong isip—kung paano mo iniisip ang bawat sitwasyong iyong hinaharap) at iyong ipinangako na kung gagawin ko ito, ituturo mo sa akin ang tamang landas (Kawikaan 3:5-6).

Nawa'y magkaroon ako ng karunungan mula sa iyo "una sa lahat ay may malinis na pamumuhay, maibigin sa kapayapaan, mahinahon, masunurin, puno ng awa at kabutihan, walang pinapaboran, at hindi nagkukunwari (Santiago 3:17).

Iyong sinabi, "mapalad ang mga taong may malinis na puso, dahil makikita nila ang Dios"(Mateo 5:8). Ipagkaloob mo ama na ang aking mga iniisip at motibo ay maging dalisay sa iyong paningin.

Tulungan mo ako Ama, na isuot ang buong baluti ng Dios. Ipagkaloob mo na ako'y maging malakas sa espirituwal na kaugyan sa iyo.

Iyong sinabi, "Tumayo kayo ng matatag, isuot ang sinturon ng katotohanan sa inyong bewang" (Efeso 6:14a). Tulungan mo po akong lubusang maging makatotohanan sa araw na ito sa lahat ng aking mga pakikipag-ugnayan.

Iyong sinabi, "Isuot ninyo ang kalasag ng pagiging matuwid" (Efeso 6:14b). Tulungan mo po akong maging matuwid at banal sa lahat ng aking ginagawa.

Iyong sinabi na dapat kong isuot bilang sapatos ang pagiging handa sa pangangaral ng Magandang Balita na nagbibigay ng kapayapaan (Efeso 6:15). Tulungan mo akong tumayo sa katotohanan at makita ang mga pagkakataon upang ibahagi sa iba ang Ebanghelyo ni Hesus.

Iyong sinabi, "Gamitin ninyo bilang panangga ang pananampalataya para hindi kayo tablan ng mga panunukso ni Satanas na parang mga palasong nagliliyab" (Efeso 6:16). Kapag ako ay tinutukso, pahintulutan nyo nawang di ako mabigo ng aking pananampalataya.

Dapat kong isuot bilang helmet ang tinanggap ninyong kaligtasan (Efeso 6:17). Nawa ay mabihag ang lahat ng isipan upang matutong sumunod kay Kristo Hesus

(2 Corinto 10:5). Tulungan mo akong malaman agad ang mga kaisipang inilagay ng kaaway sa aking isipan at tumakas patungo sa diwa ng dugo ni Kristo para sa proteksyon (pahayag 12:11).

Dapat kong matutunan na gamitin bilang espada ang Salita ng Dios (Efeso 6:17). Tulungan mo akong itago sa aking puso ang inyong Salita upang hindi ako magkasala laban sa iyo (Awit 119:11).

Papuri at Pasasalamat

“Sapagkat Sayo ang Kaharian, at ang Kapangyarihan, at ang Kaluwalhatian magpakailanman” –Magtapos sa Papuri.

[Ituon ang isipan sa katayuan ng Dios, kanyang kapangyarihan, kanyang kadakilaan at kaluwalhatian. Pasiglahin ang iyong puso ng papuri.]

“Sayo, O PANGINOON, ang kadakilaan, ang makapangyarihan, at ang kaluwalhatian, at ang katagumpayan, at ang kaluwalhatian: sapagka’t ang lahat ng nasa langit at nasa lupa ay sa’iyo; sayo ang kaharian, O PANGINOON, at kayo ang dakila sa lahat (1 Cronica 29:11).

“Pinagpapala n’yo PANGINOON ang mga matuwid. Ang pag-ibig n’yo ay parang kalasag na nag-iingat sa kanila”(Awit5:12).

“Magpapakasaya ako dahil sa inyo, Kataas-taasang Dios. Aawit ako ng mga papuri para sa inyo”(Awit 9:2).

“Ako’y aawit sa PANGINOON, sapagka’t ginawan niya ako ng sagana”(Awit 13:6).

“PANGINOONN palagi ko kayong iniisip, at dahil kayo ay lagi kong kasama, hindi ako matitinag”(Awit 16:8).

“Narinig ng PANGINOON ang aking pagsusumamo; tatanggapin ng PANGINOON ang aking dalangin” (Awit 6:9).

“Sa kanya na makakagawa nang higit pa kaysa maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang naghahari sa atin, *sa kanya* ang kaluwalhatian sa pamamagitan ng iglesia at ni Kristo Hesus magpakailanman. Amen”(Efeso 3:20, 21)

Sa Pangalan ni Hesus, ito ay aking dalangin, Amen

Linggo

Pagsamba / Pagpupuri

"Ama namin" - Ang Ating Kaugnayansa Dios

[Ang titulong "Ama" ay nagpapahiwatig ng hindi bababa sa dalawang ideya: (1) ang Tatlong Persona/Trinity— Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Sa pananalangin ay pumapasok tayo sa buhay at pakikipag-ugnayan sa Tatlong Persona/ Trinity; at(2) ang ating pagiging bagong miyembro sa pamilya ng Dios.]

Sambahin ang Dios Ama

Aming Ama na nasa langit:

Nagtanong ang Salmista: "Sino ang makakaakyat sa bundok ng PANGINOON? At sino ang maaaring tumayo sa iyong banal na templo?" (Awit 24:3)

Ang sagot ay sinabi, "ang taong malinis ang buhay pati ang isipan, hindi sumasamba sa mga diyos-diyosan at hindi sumusumpa ng kasinungalingan" (Awit 24:4).

Ipagkaloob mo ama na maging malinis ang aking mga kamay at ang aking puso ay maging dalisay. Nawa'y walang pandaraya o kasinungalingan na lumabas sa aking mga labi.

Ikaw ay "Dios na tapat at makatuwiran" (Deuteronomio 32:4). "Turuan mo akong mamuhay ayon sa katotohanan, sapagkat ikaw ang Dios ng aking kaligtasan" (Awit 25:5).

"Ang totoo't ang liwanag, buhat sa iyo ay pakamtan, upang sa Zion ay mabalik, sa bundok mong dakong banal sa bundok mong pinagpala, at sa templo mong tirahan" (Awit 43:3).

Nais mo sa aki'y isang pusong tapat, puspusin mo ako ng dunong mong wagas (Awit 51:6). Tulungan mo akong maging ganap na tapat sa paraang matulungin mapagmahal, at maawain.

"Nawa'y ang salita ko at kaisipan, kaluguran mo, PANGINOON, manunubos ko at kanlungan" (Awit 19:14).

Sambahin ang Dios Anak

Nagpapasalamat ako sa iyo Panginoong Hesus, na ikaw ay mula sa itaas at hindi sa mundong ito (Juan 8:23).

Ikaw ang mabuting Pastol na nag-alay ng buhay para sa mga tupa (Juan 10:11). Kilala mo ang iyong mga tupa at kilala ng iyong mga tupa ang iyong tinig at sumusunod sa iyo (Juan 10:27).

Tulungan mo ako bilang isa sa iyong mga tupa na making sa iyo at sumunod sa iyong tinig. Nais kong sumunod kung saan ka patungo, sapagkat lagi mo akong pinapatnubayan sa tamang daan (Awit 23:3).

Binibigyan mo ng buhay na walang hanggan ang mga tupa na matapat na nakikinig at sumusunod sa iyo. Kailanman'y hindi sila mapapahamak; at walang makaaagaw sa kanila sa iyong kamay (Juan 10:28).

Salamat sa espirituwal na seguridad na ibinibigay mo.

Sinasamba kita, Panginoong Hesus, dahil ikaw "ang Muling pagkabuhay at ang Buhay; ang sinumang sumasampalataya sa iyo, kahit mamatay ay mulling mabubuhay" (Juan 11:25).

Ikaw ang tunay na puno ng ubas, at ang Ama ang tagapag-alaga. "Inaalís niya ang awat sangang hindi nagbubunga, at kanya namang pinuputulan at nililinis ang bawat sangang nagbubunga upang magbunga pa nang lalong sagana" (Juan 15:1-2).

Tulungan mo akong makita ang mga bagay sa aking buhay na nangangailangan ng paguputol o pagbabago at hindi paglaban o pagtakas sa iyong mapagmahal na kamay, kahit na ito ay masakit.

Sambahin ang Dios Espiritu Santo

Purihin ang Espiritu Santo, salamat sa iyong "pagbubuhos ng buong pag-ibig ng Dios sa aking puso" (Roma 5:5).

Ikaw ang makalangit na Hardinero ng aming kaluluwa upang magbunga sa aming buhay. Nawa'y ang espirituwal na bunga ng "pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili," ay lumago at umunlad sa aking buhay (Galacia 5:22, 23).

Tulungan mo akong maalala na ang "aking katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa sa akin at ipinagkaloob ng Dios, at hindi ko na pag-aari ang aking katawan. Sapagkat binili ako sa isang malaking halaga. Kaya't dapat gamitin ko ang aking katawan at isipan upang maparangalan ang Dios" (1 Corinto 6:19, 20).

Ipagkaloob mo na maluwalhati kita sa aking katawan, sa paraan ng pananamit at paggamit nito, at sa aking espiritu sa paraan ng pag-iisip at pagpapahayag ng aking sarili.

Sinabi ng Banal na Kasulatan, "Kung tayo ay namumuhay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, magpatuloy tayo sa patnubay nito" (Galacia 5:25).

Tulongan mo akong maging sensitibo at masunurin sa iyong patnubay.

"Gaya ng sa Langit" - Ang Kaluwalhatian ng Dios

[Ang langit ay isang lugar. Diito matatagpuan ang trono ng Dios. Gayunpaman, hindi natin dapat isipin na ang presensya ng Dios ay limitado sa langit. Siya ay nasa lahat ng dako ("sa lahat ng lugar" - Awit 139:7-12). Gayunpaman, sinasabing *mas naroroon* ang Dios sa ilang lugar kaysa sa iba. Ang katotohanan na ang Dios ay "nasa langit" na nagpapahiwatig na Siya ay hindi limitado sa mga lugar sa lupa. Siya ay makapangyarihan at walang limitasyon ang kanyang kapangyarihan. Dagdag pa rito, "ang langit" ay nagsasalita ng pagiging perpekto at nagpapaalala sa akin na ang Dios ay nagpapakita kung ano ang perpekto pagka-Ama.]

Sinabi ng Salmista, "Siyang naghahangad ng pagkukop ng Kataas-taasan, ay nananatili sa pagkaliga ng Makapangyarihan" (Awit 91:1).

Dahil ikaw ang Hari ng mga Hari, na may walang katapusang kaalaman at kapangyarihan, wala akong dahilan para matakot sa hinaharap.

"Sasabihin ko sa PANGINOON, 'Ikaw ang aking kanlungan at aking muog, Ikaw ang aking Dios, ang Dios na tangi kong pinagtitiwalaan!'" (Awit 91:2).

"Na Siyang nagliligtas sa akin sa panganib at bitag, at kahit ano mang matinding salot ay di ko madaranasan" (Awit 91:3).

"Lulukuban niya ako sa ilalim ng kanyang malapad na pakpak, at sa kalingan niya ay palagi akong nakakatiyak. Iingatan niya't ipagsasanggalang, pagkat siya'y matapat" (Awit 91:4).

Kilala ko kung sino ang sinasampalatayaan ko at natitiyak kong maiingatan (protektahan) niya hanggang sa huling araw ang ipinagkatiwala ko sa kanya (2 Timoteo 1:12).

"Sambahin ang Iyong Pangalan" - Ang Reputasyon ng Dios

[Ang mismong katangian ng Dios (lahat ng kanyang ginawa at ang lahat ng kanyang katangian bilang Dios) ay banal. Kapag inaangkin natin na tayo ay isang Kristiyano ay inaangkin rin natin ang isang relasyon sa Kanya sa pamamagitan ni Kristo Hesus. Dahil ang Dios ay banal, dapat tayong maging banal sa lahat ng ating pag-uugali at pagkilos (1 Pedro 1:15,16). Nakakaimpluwensya tayo sa iniisip ng iba tungkol sa Kanya. Nasa ating mga kamay ang kanyang reputasyon.]

Aming Ama na nasa Langit, iyong sinabi, "Kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin niyo ang lahat sa ikararangal ng Dios" (1 Corinto 10:31).

Ang iyong kaluwalhatian ay ang kahanga-hangang pagpapakita ng iyong mga natatanging katangian at pagiging perpekto.

Ipagkaloob mo na ang aking buhay ay magdala sa iyo ng kaluwalhatian habang ako ay sumusunod sa iyo.

Nawa'y wala akong magawa na lalapagtangan sa iyong banal na pangalan (Levitico 22:32).

Gawin mo akong banal dahil ikaw ay banal.

[Tandaan: Ang isa sa mga dahilan kung bakit itinuro sa atin ni Hesus na manalangin ng ganito— ang paglalaan ng 1/3 ng ating oras ng pananalangin sa kaniyang pagiging Ama, sa kanyang posisyon sa langit, sa kaniyang banal na pangalan, kanyang kaharian, at kanyang kalooban— ay upang alisin sa ating ang pagkamakasarily sa ating mga problema at pangangailangan.

Pamamagitan

"Dumating Nawa ang Iyong Kaharian" – Paghahari ng Dios

[Ang plano ng Dios mula sa kawalang-hanggan/eternity ay ang magtatag ng matuwid at banal na kaharian dito sa lupa (Mateo 25:34). Ang pagtatatag ng kaharian ng Dios ay nangyayari sa dalawang yugto. Ang unang bahagi ay espirituwal. Naghahari ang Dios sa puso at buhay ng kanyang mga mamamayan (Colosas 1:13). Kapag nananalangin tayo ng "dumating nawa ang iyong kaharian," ipinapanalangin natin na maligtas nawa ang mga tao at maging mga mamamayan ng Kaharian ng Dios (Mateo 9:35). Ang ikalawang bahagi ng pagdating nang Kaharian ng Dios ay sa pisikal. Kapag dumating muli si Hesus sa ikalawang pagkakataon, Kanyang aalisin ang lahat ng pamahalaan sa lupa, at itatatag ang kanyang sarili bilang Hari ng buong mundo (Daniel 2:44-45). Kapag nananalangin tayo na "dumating nawa ang iyong kaharian," sa ganitong diwa, buong pananabik nating inaasahan ang ikalawang pagparito ni Hesus (Pahayag 22:20).]

"Ang kaharian mo ay makatarungan, salingang matuwid ang pinagtayuan; wagas na pag-ibig at ang katapatan, ang pamamahala mong ginagampanan" (Awit 89:14).

Lahat ng ginagawa mo at tama at makatarungan. Bagama't hindi ko maintindihan kung bakit pinahihintulutan mong mangyari ang ilang bagay sa aking buhay, nawa'y lagi kong tandaan na ikaw ay masyadong mapagmahal at matalino na di mo magagawang maging malupit at magkamali.

“Ang aking bibig ay magsasalita ng papuri sa PANGINOON. Purihin ng bawat nilalang ang kanyang banal ng pangalan magpakailanman” (Awit 145:21).

Dumating nawa ang iyong kaharian!

Pagpalain, palakasin at hikayatin mo nawa lahat nga mga mangangaral, misyonero, guro, pastor, at tagapagturo ng ebanghelyo— at lahat ng kumikilos para sa iyo sa buong mundo.

“Ang Panginoon ay hindi nagpapaliban tungkol sa kaniyang pangako, gaya ng inaakala ng ilang tayo na pagpapabaya; sa halip, nagbibigay siya ng pagkakataon sa lahat sapagkat hindi niya nais na may mapahamak, kundi ang lahat ay makapagsisi at tumalikod sa kasalanan” (2 Pedro 3:9).

[Ipanalangin ang mga taong hindi pa naliligatas.]

Ipinapanalangin ko... (pangalanan ang mga hindi pa naliligatas)... na maligtas.

O Dios, hangga’t masaya sila sa kasalanan, hindi nila mararamdaman ang kanilang pangangailangan para sa iyo. Kaya’t, gawin mong abo at alabok sa kanilang bibig ang kasiyahan ng kasalanan. Ipasakop mo sila sa iyong kalooban at sa iyong paraan (Hosea 2:8,9).

Dihin mo nawa ang mga tamang tao sa kanilang buhay na tutulong sa kanila na malaman kung paano maliligtas.

Ibigkis mo ama ang mga kapangyarihan ng kadiliman na umaalipin sa kanila at buksan ang kanilang gma mata sa kanilang pangangailangan sa iyo.

Nawa’y malapit na ang araw ng kanilang kaligtasan.

“Maganap nawa ang Iyong Kalooban sa lupa gaya ng sa langit” –Paghahari ng Dios

[Ang petisyon na ito ay nagtuturo sa atin na mas mag-alala tungkol sa kalooban ng Dios na matupad sa ating buhay kaysa sa ating mga plano at mga naising matupad. Kung ang ating mga hangarin ay hindi naaayon sa kanyang kalooban, dapat nating hilingin sa Dios na baguhin niya ang ating mga hangarin. Ang kanyang kalooban ay dapat nating gawin gaya ng ginagawa ng mga anghel sa langit— nang may pananabik at kagalakan. Dapat tayong magpasakop sa awtoridad ng kanyang Salita.]

“Iniligtas mo ako, at tinawag mo ako sa isang banal na pagkatawag, hindi ayon sa aking mga gawa, kundi ayon sa iyong sariling layunin at biyaya, na ibinigay sa akin sa pamamagitan ni Kristo Hesus bago pa ang pasimula ng sanlibutan (2 Timoteo 1:9).

Iyong kalooban na iayon ko ang aking buhay sa iyong banal na Salita. Bigyan mo ako ng biyayang mamuhay sa pagsunod sa lahat ng iyong ipinakita sa akin. Iyong sinabi, kung lalakad ako sa liwanag na katulad mong nasa liwanag, tayo'y nagkakaisa at ang lahat ng ating kasalanan ay nililinis ng dugo ni Hesus na kanyang Anak" (1 Juan 1:7).

Nawa'y hindi ako tumalikod sa paglakad mula sa lahat ng iwanag at gayo'y magdala sa iyo ng kalungkutan (Awit 78:14).

Katulad ni Pablo, pinipili kon na "itinuturing ko ang lahat ng bagay na walang kabuluhan bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakakilala kay Kristo Hesus na aking Panginoon." Nawa'y lagi kitang iliin at ang iyong kalooban sa halip na ang sarili kong kalooban at mga hangarin. (Filipos 3:8).

Pagsusumamo

"Bigyan mo Kami ng Makakain sa Araw-araw" – Ating mga Pangangailangan/Resources

[Ang Dios ay may di nauubos na mapagkukunan. Naroroon sila upang magamit natin. Hilingin sa Kanya na tugunan ang iyong pisikal, pinansyal, emosyonal, at mental na mga pangangailangan.]

Aming Ama, iyong sinabi na kung hahanapin ko muna ang iyong kaharian at iyong katuwiran— kung uunahin kita sa aking buhay— ay ibibigay mo ang lahat ng aking materyal na pangangailangan (Mateo 6:33).

Tulongan mo akong alalahanin na ang isa sa mga paraan na inuuna ko kayo sa aking buhay ay ang ibaik sa inyo ang ikapu (10%) ng aking kinikita (Levitico 27:30). Ginagawa ko ito Panginoon upang kilalanin ang aking pagtitiwala sa iyo at pag-asa sa iyo bilang aking Pag-asa.

Kung nabigo akong parangalan ka sa pamamagitan ng aking pag-iikapu, sasabihin mo sa akin na ninanakawan kita ng nararapat na handog sa iyo (Malakias 3:8). Binalalaan mo ako na kung hindi ako magbibigay ng ikapu, hahayaan mong maubos at masira ang aking kinikita (Malakias 3:10).

Tulongan mo akong maging tapat na summunod sa iyo sa aking pananalapi.

Ama, patawarin mo sana ako sa aking pagrereklamo at pagbulong-bulong tungkol sa aking mga kalagayan.

Alam ko na walang nangyayari sa aking buhay na hindi muna dumaraan sa iyong kamay (Colosas 3:3). Tulongan mo akong magtiwala sa iyo sa lahat ng mayroon ako. Naging mas mabuti ka sa akin ng higit sa nararapat sa akin.

Patawarin mo ako, sa pag-aalala tungkol sa mga materyal at pisikal na problema.

Iyong sinabi, "Huwag kang mag-alala tungkol sa anumang bagay, ngunit sa pamamagitan ng pananalangin, pagsusumamo at pasasalamat, upang idulog sa iyo ang lahat ng aking mga alalahanin, at ang kapayapaan ng Dios, na higit sa lahat ng pang-unawa, na siyang magbabantay sa aking puso at aking pag-iisip kay Kristo Hesus" (Filipos 4:6-7).

Nagpapasalamat ako sa iyong ipinangako: "Ipagkaloob ng Dios ang lahat ng iyong pangangailangan ayon sa kaniyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Kristo Hesus" (Filipos 4:19).

Ipinapanalangin ko... (iyong kasalukuyang pangangailangan).

Tulongan mo akong maalala at magpasalamat sa lahat ng nagawa mo na!

Ipinapanalangin ko... (ang mga taong nangangailangan sa buong mundo).

Ipinapanalangin ko ang mga may posisyon sa local, estado, at pambansang pamahalaan. Ipinapanalangin ko na patnubayan mo sila sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng iyong Salita. Ipagkaloob mo ito ng parangalan ka nila at maghari ang iyong katuwiran. Mangyaring biguin ang mga layunin ng kasamaan at nawa'y matupad ang iyong kalooban. Ipagkaloob mo na "makapamuhay kami ng tahimik at mapayapa na may kabanalan at katapatan" (1 Timoteo 2:2).

Pagtatapat / Pakikipagkasundo

"At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, gaya ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin" - Pakikipagkasundo

[Ang pagtatapat ay isang pagkilos ng pagpapakumbaba. Ito ay isang pagkilala sa pangangailangan ng biyaya at tulong ng Dios. Sa wastong pag-aalok, ito ay nagpapahayag ng pagnanais para sa espirtual na pagpapabuti. Ang pagtatapat ay ang pagtanggap sa pananaw at saloobin ng Dios sa kung ano ang mali o kailangang baguhin sa iyong buhay. Ang pagtatapat ay ang pag-amin sa personal na pananagutan para sa iyong mga pagpili at saloobin anuman ang pakikitungo sa iyo ng ibang tao.]

Sinabi ng Salmista, "Kaya't ang kasalanan ko'y aking inaamin, mga pagkakamali ko'y hindi na inilihim. Ako'y nagpasyang sa iyo'y ipagtapat, at mga sala ko sa PANGINOON; pinatawad mong lahat." (Awit 32:5)

Tulongan mo ako Panginoon na huwag magkaroon ng kapaitan laban sa sinuman na lalason sa lupa ng aking kaluluwa, sapagkat iyong sinabi na kung anumang ugat ng kapaitan ay tumubo sa aking puso, maraming tao ang maaaring madungisan (Hebreo 12:15).

Iyong sinabi, "Mapalad ang taong ang kasalanan ay pinatawad, na ang kasalanan ay tinakpan! Mapalad ang tao na hindi binibilang ng PANGINOON ang kasamaan, at sa kaniyang espiritu ay walang pandaraya!" (Psalm 32:1, 2).

Bigyan mo ako ng lakas na magsabi ng "Hindi" sa tukso ngayon.

Kung mayroon man akong hindi napakitunguhan nang kabaitan at tunay na pag-ibig ng isang Kristiyano, mangyaring dalhin mo sila sa aking alaala at bigyan ako ng lakas ng loob at biyaya na magpakumbaba at humingi ng kapatawaran.

Iyong sinabi na nilalabanan mo ang mapagmataas ngunit binibigyan mo ng biyaya ang mapagpakumbaba (Santiago 4:6).

Nawa'y gawin mo akong mapagpakumbaba upang matanggap ko ang iyong biyaya.

Espirituwal na Pakikidigma

"At huwag mo kaming hayaang mahulog sa tukso, at iligtas mo kami sa masama" – ating Proteksyon

Iyong sinabi, "Tiisin mo ang paghihirap bilang isang mabuting kawal ni Kristo Hesus." Ang isang kawal ay hindi nagiging abala sa mga bagay na walang kaugnayan sa pagiging kawal—sa halip, sinisikap niyang mabigyan ng kasiyahan ang kanyang pinuno (2 Timoteo 2:3,4).

Si Hesus ang aking Commanding Officer. Tulungan mo akong sundin ang lahat ng kanyang mga utos.

Ipagkaloob mo nawa, Ama, na akong lumago sa aking espirtual na kaugnayan sa iyo.

Iyong sinabi, "Magpakatatag kayo sa Panginoon sa pamamagitan ng dakila niyang kapangyarihan. Gamitin ninyo ang lahat ng kagamitang pandigma na ibinigay sa inyo ng Dios para malabanan ninyo ang mga lalang ng diyablo. Sapagkat ang kalaban natin ay hindi mga tao kundi masasamang espiritu sa himpapawid –mga pinuno, may kapangyarihan at mga tagapamahala ng kadilimang namamayani sa mundong ito"(Efeso 6:10-12).

Tulungan mo ako Ama, na "isuot ang lahat ng kagamitang pandigma na ibinigay ng Dios, para sa oras na dumating ang kasamaan ay magawa ninyong makipaglaban, at pagkatapos ng pakikipaglaban ay manatili pa rin akong matatag" (Efeso 6:13).

Iyong sinabi, "Kaya maging handa kayo. Gawin ninyong sinturon ang katotohanan" (Efeso 6:14a). Tulungan mo akong maging lubusang tapat sa lahat ng aking relasyon.

Iyong sinabi, "Isuot ninyo ang pagkamatuwid bilang pananggalang sa dibdib ninyo" (Efeso 6:14b). Tulungan mo akong maging matapat at banal sa lahat ng aking ginagawa.

Iyong sinabi na dapat kong isuot bilang sapatos ang pagiging handa sa pangangaral ng Magandang Balita na nagbibigay ng kapayapaan (Efeso 6:15). Tulungan mo akong tumayo sa katotohanan at makita ang mga pagkakataon upang ibahagi sa iba ang Ebanghelyo ni Hesus.

Iyong sinabi, "Gamitin ninyo bilang panangga ang pananampalataya para hindi kayo tablan ng mga panunukso ni Satanas na parang mga palasong nagliliyab" (Efeso 6:16). Kapag ako ay tinutukso, pahintulutan nyo nawang di ako mabigo ng aking pananampalataya.

Dapat kong isuot bilang helmet ang tinanggap ninyong kaligtasan (Efeso 6:17). Nawa ay mabihag ang lahat ng isipan upang matutong sumunod kay Kristo Hesus (2 Corinto 10:5).

Dapat kong matutunan na gamitin bilang espada ang Salita ng Dios (Efeso 6:17). Tulungan mo akong itago sa aking puso ang inyong Salita upang hindi ako magkasala laban sa iyo (Awit 119:11).

Papuri at Pasasalamat

“Sapagkat Sayo ang Kaharian, at ang Kapangyarihan, at ang Kaluwalhatian magpakailanman” –Magtapos sa Papuri.

[Ituon ang isipan sa katayuan ng Dios, kanyang kapangyarihan, kanyang kadakilaan at kaluwalhatian. Pasiglahin ang iyong puso ng papuri.]

Sayo, O PANGINOON, ang kadakilaan, ang makapangyarihan, at ang kaluwalhatian, at ang katagumpayan, at ang kaluwalhatian: sapagka't ang lahat ng nasa langit at nasa lupa ay sa'yo; sayo ang kaharian, O PANGINOON, at kayo ang dakila sa lahat (1 Cronica 29:11).

Iyong sinabi: "Magalak kayo sa PANGINOON, O kayong mga matuwid: sapagka't ang pagpupuri ay karapat-dapat (nararapat) para sa matuwid" (Awit 33:1).

"Ang PANGINOON ayaking liwanag at kaligtasan; kanino ako matatakot? Ang PANGINOON ayang kalakasan ng aking buhay; kanino ako matatakot?" (Awit 27:1).

"Ang PANGINOON ay aking kalakasan at aking kalasag; ang aking puso ay tumiwala sa kaniya, at ako'y nasaklolohan. Kaya't ang aking puso ay nagagalak na mainam; at aking pupurihin siya ng aking awit" (Awit 28:7).

"Ang PANGINOON ang may kapangyarihan sa mga baha; Maghahari ang PANGINOON magpakailanman. Ang PANGINOON ang nagbibigay ng kalakasan sa

kanyang mga mamamayan; Ang PANGINOON ang nagpapala sa kanyang bayan ng kapayapaan” (Awit 29:10, 11).

“Ako’y matutuwa at magagalak sa iyong kagandahang-loob, sapagka’t iyong nakita ang aking kadalambahatian; iyong nakilala ang aking kaluluwa sa mga kasakunaan” (Psalm 31:7).

“Ikaw ang aking kublihang dako. Iyong inililigtas mo ako sa kapahamakan. Aawitin ko nang malakas, pag-iingat mo’t pagliligtas” (Awit 32:7).

Iyong sinabi, “Magpakatatag kayo, at lakasan ninyo ang inyong loob, kayong mga umaasa sa PANGINOON” (Awit 31:24).

“Pagpalain nawa ako ng PANGINOON at ingatan. Paliwanagin nawa ng PANGINOON ang kaniyang mukha sa akin, at kahabagan nawa ako. Ilingap nawa ng PANGINOON ang kaniyang mukha sa akin, at bigyan ako ng kapayapaan” (Bilang 6:24-26).

“May lakas-loob tayong lumapit sa kanya dahil alam nating ibibigay niya ang anumang hingin natin kung ito’y naaayon sa kanyang kalooban. At dahil alam nating pinapakinggan nga niya tayo, alam din nating ibinibigay niya ang bawat hinihiling natin sa kanya” (1 Juan 5:14,15)

Sa Pangalan ni Hesus, ito ay aking dalangin, Amen